# FOLLOWING JESUS

## MGA PANGUNAHING ARAL PARA SA ISANG TAGASUNOD NI JESUS

GOSPEL AMBITION SERIES
BOOK 2

# FOLLOWING JESUS

*Mga Pangunahing Aral para sa Isang Tagasunod ni Jesus*

TREASURING CHRIST PH

Scripture quotations marked (MBB) are taken from *Magandang Balita Biblia* © 2012 Philippine Bible Society, used with permission.

Scripture quotations marked (ASD) are taken from *Ang Salita ng Dios* © 2010 Biblica Publishing, used with permission.

*A Disciple of Jesus: Mga Pangunahing Aral para sa Isang Tagasunod ni Jesus*
© Copyright 2019 Derick Parfan, All rights reserved.

Published by Treasuring Christ PH Publishing
Baliwag Bible Christian Church
116 Vergel de Dios St., cor. Cunanan St., Concepcion, Baliuag, Bulacan

For more resources, please visit our website (http://treasuringchristph.org) and Facebook page (http://facebook.com/treasuringchrist.ph/).

# TABLE OF CONTENTS

The Big Picture ........................................................................ 1
Lesson 1: Si Jesus, Ang Anak ng Diyos ................................................ 5
Lesson 2: Ang Kamatayan ni Jesus sa Krus ............................................. 9
Lesson 3: Ang Muling Pagkabuhay ni Jesus ............................................ 13
Lesson 4: Saved by Grace, Not Works ................................................. 17
Lesson 5: Pagsisisi (Repentance) ..................................................... 21
Lesson 6: Pananampalataya (Faith) .................................................... 25
Lesson 7: Baptism and New Life in Christ ............................................. 29
Lesson 8: Kaligtasang Gawa ng Diyos .................................................. 33
Lesson 9: Pamumuhay ayon sa Nais ng Diyos ............................................ 37
Lesson 10: Pakikinig sa Diyos (Bible Intake) ......................................... 41
Lesson 11: Pakikipag-usap sa Diyos (Prayer) .......................................... 45
Lesson 12: Relasyon sa Church ........................................................ 49
Lesson 13: Relasyon sa Ibang Tao (Witnessing) ........................................ 53
Lesson 14: Pamumuhay na Puno ng Pag-asa .............................................. 57

# THE BIG PICTURE

## THE GOSPEL

Ginawa ng Diyos ang hindi natin magagawa para sa sarili natin; ayon sa kanyang plano, si Jesus na Anak ng Diyos ay nagkatawang- tao, namuhay na matuwid para tayong mga nananalig sa kanya ay maituring na matuwid sa paningin ng Diyos, namatay sa krus para akuin ang lahat ng parusang nararapat sa ating mga makasalanan, at sa ikatlong araw ay nabuhay na muli at nagtagumpay laban sa kasalanan, kamatayan, at lahat ng kasamaan para baguhin ang lahat ng kanyang nilikha at tayo'y mapanumbalik sa Diyos.

## THE GREAT COMMISSION

Lumapit sa kanila si Jesus at sinabi, "Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. [19]Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. [20]Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo" (Mateo 28:18-20 ASD).

## OUR MISSION

We exist to glorify God by building local and global grace communities of disciples of Jesus who make disciples of Jesus.

## OUR GOSPEL AMBITION

Gospel-centered churches planting churches.
Gospel-centered disciples making disciples.

## DISCIPLE

Sumusunod kay Jesus, binabago ni Jesus, at ibinibigay ang buhay para sa misyon ni Jesus.

## DISCIPLE-MAKING

Pagtulong sa ibang tao na mas makilala si Jesus, magtiwala kay Jesus, at sumunod kay Jesus.

## GRACE COMMUNITY / CHURCH


Isang pamilya ng Diyos na binubuo ng Kuwento ng Diyos at nakikibahagi sa misyon ng Diyos.

## GOSPEL-CENTERED


Pinanghahawakan natin ang katotohanang ang Mabuting Balita ay hindi lang kailangan sa simula ng buhay Cristiano, kundi ito rin ang pundasyon at kapangyarihang humuhugis sa lahat ng ginagawa natin bilang mga tagasunod ni Jesus – sa pang-araw-araw na buhay natin at sa sama-sama nating karanasan bilang isang iglesya.

“To be gospel-centered begins with the reality that the gospel is not simply the entry point into the Christian life but also the foundation and force that shapes all we do as followers of Jesus, both in our daily lives and in our experience as the corporate body of Christ” (Sam Storms).

## GOSPEL-CENTERED DISCIPLES MAKING DISCIPLES



# GOSPEL-CENTERED CHURCHES PLANTING CHURCHES




**HOW TO PLANT A CHURCH**

1. SHARE THE GOSPEL
2. MAKE DISCIPLES
3. FORM COMMUNITIES
4. TRAIN LEADERS
5. GATHER THE CHURCH

**HOW TO MULTIPLY**

1. MODEL
2. ASSIST
3. WATCH
4. LEAVE

# LESSON 1: SI JESUS, ANG ANAK NG DIYOS

## INTRODUCTION

1. *Ano ang naiisip mo kapag naririnig mo ang salitang "Christian" o "Christianity"?*
2. Purpose of Following Jesus: Upang matutunan ang tunay na kahulugan ng pagiging Cristiano o tagasunod ni Jesus – kung sino siya, kung paano magiging tagasunod niya, at kung paano magpapatuloy sa pagsunod sa kanya. Para mangyari 'yan, kailangang pag-aralan natin ang sinasabi ng Bibliya, ang Salita ng Diyos.
3. Outline
   - Lessons 1-3: Sino si Jesus at ano ang ginawa niya (*gospel*)?
   - Lessons 4-6: Paano maligtas at maging isang Cristiano (*salvation*)?
   - Lessons 7-14: Paano mamuhay ang isang Cristiano (*discipleship*)?

***Ang lessons 1 to 6 ay hango sa seminar materials para sa *Explaining Christianity* ng Capitol Hill Baptist Church (https://www.capitolhillbaptist.org/resources/core-seminars/series/explaining-christianity/) na nasa Washington, D.C.  Ito ay pinasimulan ni Michael Bennett ng Australia sa kanyang materials na pinamagatang *Christianity Explained* available at http://www.christianityexplained.com/].***

## GOSPEL: GOOD NEWS!

**"Ito ang simula ng Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos"** (Mark 1:1 MBB).

- **Magandang Balita** – dapat marinig, tungkol kay Cristo.
- **Anak ng Diyos** – may kapangyarihan/authority, bilang isang Hari, may authority over all things tulad din ng Diyos Ama.

Sa Mark chapters 1-5, makikita natin ang mga ebidensya na meron nga siyang authority…

## 1. AS A TEACHER (1:21-28)

- Basahin ang **Mark 1:21-28**. Nagtuturo siya nang **"may awtoridad"** (v. 22), hindi gaya ng mga scribes at Pharisees (mga Jewish religious leaders).
- **"Sinasabi ko sa inyo"** ("*I say to you*") (2:11; 3:28; 5:41; 8:12; 9:1, 41; 10:15, 29) – siya mismo ang authority, di tulad ng ibang teacher na merong ibang "rabbi" na babanggitin na source of authority nila. Ang authority ni Jesus ay sa Diyos mismo galing.
- *Ano ang reaksyon ng mga tao sa pagtuturo niya?* "Namangha" (vv. 22, 27). *Sapat kaya yun?*

## 2. OVER EVIL SPIRITS (1:21-28)

- *May nakita ka pa bang ibang awtoridad ni Jesus maliban sa pagtuturo?* Nagsagawa din siya ng mga himala, tulad ng pagpapalayas ng masamang espiritu.
- *Ano ang kaugnayan ng mga himala ni Jesus sa itinuturo niyang mensahe? Ano ang mas mahalaga sa dalawa? Bakit?*
- *Paano kinilala ng masamang espiritu si Jesus* sa v. 24 (**"Banal na mula sa Diyos"**)? *Paano mo naman dapat kilalanin si Jesus?*

## 3. TO FORGIVE SINS (2:1-12)

- Basahin ang **Mark 2:1-12**. *Bakit inuna ni Jesus na patawarin ang kasalanan ng paralitiko bago siya pagalingin? Ano ang ipinapakita nito na mas mahalaga?*
- *Ano ang kasalanan at bakit ito malaking problema?* Rom. 3:10, 12, 23; 6:23

- Nang sabihin ni Jesus na, **"Anak, pinatawad na ang mga kasalanan mo"** (v. 5), *ano ang gusto niyang patunayan tungkol sa kanyang sarili* (v. 10)?

## 4. OVER ALL DISEASES (2:1-12)

- Bukod dito, meron pang 43 kuwento tungkol sa paggawa ni Jesus ng himala. *Para saan ang mga himalang ginagawa niya?* Para patunayang totoo ang kanyang mensahe at siya nga ang ipinadalang Tagapagligtas.
- *Paano siya nagpagaling*? Sa pamamagitan ng kanyang salita, mabisa, makapangyarihan at may awtoridad.
- Ito (at iba pang mga himala) ang ipinakita ni Jesus na patunay sa kanyang awtoridad na magpatawad ng kasalanan!
- *Ano ulit ang reaksyon ng mga tao* (v. 12)?

## 5. OVER NATURE (4:35-41)

- Basahin ang **Mark 4:35-41**. *Ano ang pambihirang ginawa ni Jesus dito? Ano ang pinatutunayan nito tungkol sa kanyang sarili?*
- Iba pang tala ng pagkontrol ni Jesus sa kalikasan: paglakad sa tubig (Mat. 14:25; John 6:19), pagpapakain ng 5,000 (Mark 6:41-44), ginawang alak ang tubig (John 2:1-11).
- *Kung ganito ang kapangyarihan ni Jesus at ng kanyang salita, anong pagkilala at pagsunod ang dapat mong maging tugon?*

## 6. OVER DEATH (5:21-24, 35-43)

- Basahin ang **Mark 5:21-24, 35-43**. *Ano ang pambihirang kapangyarihang pinakita ni Jesus dito?* Ginawa niya rin ito kay Lazarus (John 11).
- *Ano ang pinatutunayan nito tungkol sa kanyang sarili?*
- *Anong pag-asa ang binibigay nito sa atin, gayong alam nating darating ang araw na tayo rin ay mamamatay?*

## 7. OVER ALL PEOPLE (1:16-20)

- Basahin ang **Mark 1:16-20**. *Ano ang ipinapakita dito tungkol sa awtoridad ni Jesus sa buhay ng sinumang tao?*
- *Ano ang naging tugon ng mga tinawag ni Jesus na sumunod sa kanya? Ganun din ba ang tugon mo?* Maaari kang tumanggi, ngunit nananawagan siyang magpasailalim tayo sa awtoridad o kapangyarihan ng Anak ng Diyos.

## SUMMARY

1. ***Si Jesus ay may awtoridad at kapamahalaang higit sa lahat.***
2. ***Inaangkin ni Jesus na siya ay Diyos.*** Ang pagiging Diyos ni Jesus ay hindi gawa-gawa lamang ng mga tao. Pinatunayan niya 'to.
3. ***Mayroon tayong dapat gawing pagtugon.*** Magpasya, sino si Jesus? Panginoon, sinungaling o baliw? Wala nang iba pang pamimilian.

   "Dapat kang mamili: Kung si Jesus ay siya ngang Anak ng Diyos; o kung hindi naman ay isang sira-ulo o mas malala pa. Maaaring tawagin mo siyang hangal, duraan o naising patayin na parang isang demonyo, o kaya naman ay magpatirapa sa kanyang paanan at tawagin siyang Panginoon at Diyos..." (C.S. Lewis, *Mere Christianity*).

## THREE-LEGGED STOOL

Unang paa: Si Jesus, ang Anak ng Diyos

## UP NEXT?

**Ang Kamatayan ni Jesus sa Krus**. Basahin ang **Mark chapters 1-5**. Ilista ang mga natutunan mo tungkol kay Jesus sa mga nabasa mo. Ilista rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.

# LESSON 2: ANG KAMATAYAN NI JESUS SA KRUS

## INTRODUCTION/REVIEW

- *Ano ang pinakamahalagang pangyayari sa nakaraang isang daang taon? Sa nakaraang isang libong taon? Sa buong kasaysayan?* Ayon sa Bibliya, pinakamahalaga ang pagkapako sa krus ni Cristo at ang kanyang muling pagkabuhay.
- *Ano ang goal ng pag-aaral natin? Bakit Gospel of Mark ang pinag-aaralan natin? Ano ang kahulugan ng Gospel o Ebanghelyo?*
- Ang pagiging Diyos ni Jesus at ang kanyang awtoridad (1) bilang guro, (2) sa anumang sakit, (3) sa kasalanan, (4) laban sa masasamang espiritu, (5) sa kalikasan, (6) sa kamatayan, at (7) sa mga tao. Mahalagang makilala natin kung sino si Jesus (Week 1). Mahalaga ding maunawaan natin ang kahulugan ng kanyang ginawa, lalo na ang kanyang kamatayan (Week 2) at muling pagkabuhay (Week 3). Ito ang bumago sa takbo ng kasaysayan.
- Upuang tatlo ang paa
- *Mga tanong sa Mark chapters 1-5?*

## SIN AND CRUCIFIXION

- Bago basahin ang nangyari, alamin muna ang kahulugan ng mga ito.
- **Kasalanan** - isang pagrerebelde o pagsuway laban sa Diyos, sa isip, sa salita, o gawa; paglabag sa kautusan ng Diyos; pagsuway sa kagustuhan ng Diyos.
- **Pagkapako sa Krus** / **Crucifixion** - karumal-dumal, nakakahiya at nakakababang paraan na ginagamit ng mga Romano upang parusahang mamatay ang pinakamasamang mga kriminal. Ang

pagpatay ay brutal, at matagal na pinahihirapan ang isang kriminal hanggang mamatay.

- Ang mas mahalagang tanong para sa atin ay ito: “Bakit namatay si Jesus sa krus?” Tingnan natin ang apat na aspeto ng kahalagahan ng kamatayan niya para sa atin…

## 1. ANG KADILIMAN (15:33)

- Basahin ang **Mark 15:33-39**.
- *Ano ang nangyari sa verse 33?* Tandaan na tanghaling tapat (sa literal na salin, “ika-anim na oras” o “6th hour”) ay nagkaroon ng kadiliman. Ito ay hindi pangkaraniwang (*supernatural*) kadiliman.
- *Bukod sa isang supernatural event, ano pa ang ipinapahiwatig ng kadiliman o darkness – sa Bibliya at sa sarili nating pagkaunawa?*

## 2. ANG SIGAW NI JESUS...AT KAMATAYAN (15:34-37)

- Tinupad ni Jesus ang layunin ng kanyang pagparito sa lupa - upang mamatay at maglingkod bilang kapalit (*substitute*) natin.
- Upang dalhin ang bigat ng parusa ng kasalanan natin. “**Diyos ko…bakit mo ako pinabayaan?”** - tanda ng pansamantalang pagkakahiwalay niya sa Ama dahil sa pag-ako ng parusa sa mga kasalanan natin.
- Sa Old Testament, ang paghahandog ng “dugo” (ng mga hayop) para sa kasalanan ay pansamantala lang. Si Jesus ang tunay o permanenteng handog para sa kasalanan.
- Binayaran niya, tinabunan, at itinama ang problemang dulot ng kasalanan natin at tinanggap naman natin ang kapalit ng kanyang paghahandog ng kanyang sarili - ang kaligtasan. Ito ang tinatawag na *The Great Exhange*.
- **Book illustration**…[kumuha ng dalawang libro] Ang aklat na ito [hawakan ang isa] ay kumakatawan sa istorya ng buhay mo. Nakasulat dito ang lahat ng paglabag mo sa mga utos ng Diyos sa

gawa, sa salita, o sa isip. Maraming pahina na marumi. [Hawakan sa kanang kamay ang libro]. Ikaw ito. At ang kisame ay ang Diyos. Sa pagitan natin at ang Diyos ay ang mga nakasulat na utang na laban sa atin (Col. 2:14). Ang kasalanan natin ang naghiwalay sa atin sa Diyos. Ang problema - mapagmahal ang Diyos ngunit siya rin ang makatarungang Hukom. Namumuhi siya sa kasalanan, kaya dapat itong parusahan. Guilty tayo, maysala at nasa ilalim ng hatol. Ang nasa kaliwang kamay naman ay kumakatawan kay Jesus. Nakalista dito ang kanyang perpektong pagsunod sa Diyos. Wala siyang kasalanan. Perfectly righteous. Sa krus, pinasan niya ang kasalanan natin bilang kahalili (*substitute*) natin at parang naging isang napakamasamang tao. Pinatay ng Diyos ang kanyang Anak! Sa mga taong nagsisisi sa kanilang kasalanan, ang kanyang kasalanan ay inililipat kay Cristo. [Ilipat ang nasa kanan sa kaliwa.] At ang pagiging matuwid (*righteousness*) ni Cristo ay inililipat sa kanila. [Ilipat ang nasa kaliwa sa kanan.] Sila ngayon ay pinatawad na, nakipagkasundo na sa Diyos. "Kailanma'y hindi nagkasala si Cristo, ngunit alang-alang sa atin, itinuring siyang makasalanan para sa pamamagitan niya'y maituring tayong matuwid ng Dios" (2 Cor. 5:21 ASD).

## 3. ANG PAGKAPUNIT NG TABING NG TEMPLO (MARCOS 15:38-39)

- May dalawang kuwarto sa loob ng templo. Yung mas maliit at nasa loob ay tinatawag na *Most Holy Place*. Sumisimbolo ito sa lugar na kinaroroonan ng presensiya ng Diyos.

- Taun-taon ang handog sa kabayaran (*sacrifice*) ng kasalanan. May tabing (*curtain*) na naghihiwalay sa dalawang silid, simbolo ng pagkahiwalay ng tao at Diyos. Ang pagkapunit nito ay simbolo ng bagong karapatang makalapit sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo. Hindi na kailangan ang iba pang handog, sapat na ang ginawa ni Cristo sa krus.

## 4. ANG PANTUBOS SA ATIN (RANSOM) (MARK 10:45)

- Basahin ang **Mark 10:45**. *Ano ang ibig sabihin ng ransom o pantubos?* Kabayaran upang makuha muli ang isang bagay o isang taong nawala, nabihag, o inalipin. Sa panahon ng mga Romano, tinutubos ang mga alipin.
- Sa Bibliya, ang tao ay alipin ng kasalanan. Nakatali, nakagapos. Galit ang Diyos sa kasalanan kaya binili niya ang kalayaan natin sa pamamagitan ng kamatayan ng kanyang Anak.
- Ito ang pag-asa at kagalakan ng isang Cristiano. Binili ng Diyos ang hindi natin mababayaran sa pamamagitan ng pantubos na si Jesus.

## SUMMARY

Mahalaga ang krus dahil dito pinarusahan ng Diyos ang kasalanan. Ngunit hindi tayo ang nagbayad, kundi si Jesus ang pumalit sa atin. Hindi ibig sabihing "automatic" ay nasa atin na lahat ang kabayarang ito. Ito lamang ay malilipat para sa mga nagsisi sa kanilang kasalanan, tumalikod dito, at nagtiwala kay Cristo. Kung hindi mo tatanggapin si Cristo, para mo na ring sinasabi sa Diyos, "Ako na ang magdadala ng parusa ng aking kasalanan." At sa kamatayan natin, haharap tayo sa Diyos at tatanggapin ang makatarungang parusa sa kasalanan natin.

## THREE-LEGGED STOOL

- Unang paa: Si Jesus, Anak ng Diyos
- Ikalawang paa: Ang kamatayan ni Jesus sa krus

## UP NEXT?

**Ang Muling Pagkabuhay ni Jesus**. Basahin ang **Mark chapters 6-10**. Ilista ang mga natutunan mo tungkol kay Jesus sa mga nabasa mo. Ilista rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.

# LESSON 3: ANG MULING PAGKABUHAY NI JESUS

## INTRODUCTION/REVIEW

- *Ano ang layunin ng pag-aaral natin? Bakit Gospel of Mark? Ano ang "gospel"?*
- *Ano ang natutunan mo sa Week 1 study natin ("unang paa")? Week 2 ("ikalawang paa")?*
- *Meron ka bang mga tanong sa Mark chapters 6-10?*
- Ngayon naman, pag-aaralan natin na hindi nanatiling patay si Jesus, ngunit muling nabuhay at pinatunayang nagtagumpay siya sa kasalanan at kamatayan. Ito ang "ikatlong paa."
- *Ano ang pinakamahalagang araw na inaalala o ipinagdiriwang ng mga Christians?*

Kung hindi higit sa isang napakagandang salaysay ang muling pagkabuhay, ito ay parang bale-wala lang. Kung ito naman ay totoo, ito ang pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan, at ang hindi pagtugon sa mga implikasyon nito ay nangangahulugan ng 'di-masukat na kapahamakan. Kung hindi naman ito totoo, kung hindi nabuhay na muli si Cristo, ang Cristianismo ay isang kasinungalingan lamang ng mga bihasang mandaraya, o 'di kaya'y mga taong nahihibang at wala sa matinong pag-iisip (Sir Norman Anderson).

## A. JESUS' RESURRECTION PREDICTED (8:31, 9:9, 9:31, 10:32-34)

- Pansinin na si Jesus mismo ang nagsabi patungkol sa kanyang darating na kamatayan at muling-pagkabuhay. Basahin ang **Mark 8:31; 9:9, 30-31; 10:32-34**.
- Lubos niyang nauunawaan na siya'y hindi lamang mamamatay sa pamamagitan ng isang kahiya-hiyang kamatayan sa krus, kundi mabubuhay din sa ikatlong araw at aakyat sa langit.

## B. THE RESURRECTION STORY (16:1-8)

- Basahin ang **Mark 16:1-8**.
- Dapat ding malaman na nagpakita siya sa kanyang mga tagasunod sa marami pang okasyon (Juan 20:19; Gawa 1:3).

## C. THE MEANING OF JESUS' RESURRECTION

- Ipinapahayag nito ang tagumpay ni Jesus sa kasalanan at kamatayan (1 Cor. 15:54-57).
- Lahat ng mananampalataya (nagtitiwala kay Jesus) ay kaisa niya sa muling pagkabuhay (Col. 2:12-13).
- Ipinakita niya ang kanyang kapangyarihan bilang tunay na Diyos (Rom. 1:4).

## D. THE SIGNIFICANCE OF JESUS' RESURRECTION

- Madalas na tinatanong ng marami, "Ano ang mangyayari sa atin pagkatapos na tayo ay mamatay? Langit? Impiyerno? O wala na pagkatapos ng buhay dito?" Ang sagot ay matatagpuan sa muling pagkabuhay ni Jesus. Basahin ang **Acts 10:39-43**.
- Dahil muling nabuhay si Jesus, darating ang araw na babalik siya. At sa kanyang pagbabalik, ganito ang mga mangyayari…

1. **Lahat ng tao ay muling bubuhayin mula sa mga patay.** (Acts 10:42; John 5:28-29; Acts 24:14-15)

- Acts 10:42: "…mga buhay at mga patay…"
- John 5:28-29: "Sila'y muling mabubuhay…"
- Acts 24:15: "…muling bubuhayin ng Diyos ang lahat ng tao…"
- Pagkatapos ng buhay dito ay mayroon pang kasunod na buhay.

2. **Lahat ng tao ay hahatulan ni Jesus.** (Acts 10:42; Rom. 2:6)
    - Magbibigay-sulit tayo sa lahat ng mga ginawa natin. Si Jesus ang "itinalagang maging hukom ng mga buhay at mga patay…" (Acts 10:42). Si Jesus na muling nabuhay ang siyang babalik, hindi na bilang Tagapagligtas, kundi Tagahatol o Hukom!
    - "Igagawad niya sa lahat ng tao ang naaayon sa kanilang ginawa" (Rom. 2:6).

3. **Lahat ng tao ay hahatiin sa dalawang grupo.** (Mark 8:38; Matt. 13:47-50)
    - **Ang mga matuwid**: mga nananampalataya kay Jesus at pinawalang-sala sa paghuhukom.
    - **Ang mga masasama**: ang mga nagtakwil kay Jesus at itinakwil din sa araw ng paghuhukom.

4. **Ang paghahati ay pangwalang-hanggan.** (Heb. 9:27; Matt. 25:31-42)
    - Hindi pansamantala, ngunit pangwalang-hanggan (Mat 25:31-42).
    - Walang itinuturo ang Bibliya (gaya ng turo ng ilan) na ikalawang pagkakataon (second chance) pagkatapos ng kamatayan (Heb. 9:27).

  - Ngayon lamang sa buhay na ito may oportunidad na maniwala. Ang tugon mo kay Cristo sa buhay na ito ang magiging tugon niya sa iyo sa kabilang buhay. Kung itatakwil mo siya at pipiliing lumakad sa sarili mong kagustuhan, tatanggapin mo ang bayad ng iyong kasalanan – walang-hanggang kamatayan sa impiyerno.

## SUMMARY

- Napakahalaga ng resurrection ni Jesus. Tinitiyak nito na: (1) tayo'y muling bubuhayin; (2) tayo'y hahatulan ni Jesus; (3) ihihiwalay ang mga matutuwid sa mga masasama; (4) ang paghihiwalay na ito ay pangwalang-hanggan.
- Nang nabuhay na muli si Cristo, ito ang pagpapahayag ng Diyos na kinalugdan niya ang ginawang pagliligtas ni Cristo. Sa pamamagitan ng kanyang pagkabuhay, wala nang parusang natitira sa kasalanan natin, wala nang katatakutang galit ng Diyos, wala nang kahatulan sa kasalanan – lahat binayaran na, wala nang natitira. Tagumpay si Cristo sa kasalanan. Kaya lahat tayong nagsisisi sa kasalanan at nagtitiwala sa kanya ay pinatawad na at tatanggap ng buhay na walang hanggan.
- Basahin ang **Roma 6:6-9**.

## THREE-LEGGED STOOL

- Unang paa: Si Jesus, ang Anak ng Diyos
- Ikalawang paa: Ang Kamatayan ni Jesus sa Krus
- Ikatlong paa: Ang Muling Pagkabuhay ni Jesus

## UP NEXT?

**Saved by Grace, Not Works**. Basahin ang **Mark chapters 11-16**. Ilista ang mga natutunan mo tungkol kay Cristo sa mga nabasa mo. Ilista rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.

# LESSON 4: SAVED BY GRACE, NOT WORKS

## INTRODUCTION/REVIEW

- *Ano ang layunin ng pag-aaral natin?*
- *Nakasisigurado ka bang mapupunta ka sa langit kung sakaling mamamatay ka ngayon din? Bakit oo, o bakit hindi, o bakit hindi mo alam?*
- *Ano ang natutunan mo sa Week 1 study natin ("unang paa")? Week 2 ("ikalawang paa")? Week 3 ("ikatlong paa")?*
- *Meron ka bang mga tanong sa Mark chapters 11-16?*
- Sa susunod na tatlong lessons (Weeks 4-6), sasagutin natin ang tanong na, "Paano ako makasisigurado na meron akong buhay na walang hanggan (eternal life)?" o "Paano ako makasisiguradong ako nga ay isang tunay na Christian?"

## A. KALIGTASAN: DAHIL BA SA BIYAYA (GRACE), O SA MGA GAWA?

- *Kung sakaling mamamatay ka mamayang gabi at magbibigay ng pagsusulit ng buhay mo sa paghatol ng Diyos, paano mo ipagtatanggol ang sarili mo? Paano mo masasabing karapat-dapat ka sa harapan niya?*
- Dalawa lang ang posibleng sagot dito:

  (1) sa pamamagitan ng sarili nating kabutihan o pagiging matuwid (righteousness) (kung ano ang ginawa natin); at

(2) sa pamamagitan ng kabutihan o pagiging matuwid ng iba (walang iba kundi si Jesus!).

- Ang dalawang sagot na 'to ay nag-rerepresent sa dalawang klase ng relihiyon sa buong mundo:

  (1) relihiyong nagsasabing: "Para maligtas ka, ganito ang gawin mo, ganito ang 'wag mong gawin…"

  (2) relihiyong nagsasabi: "May gumawa na. Tapos na." Christianity lang, yung totoong biblical version ng pagiging Christian, ang kabilang sa pangalawang category. "Nagawa na" ito ni Cristo sa krus, wala na tayong maaaring gawin upang matanggap ng Diyos. Si Jesus, si Jesus lang, ang paraan para tayo'y matanggap at makalapit sa Diyos.

- Tingnan natin ngayon kung bakit mali ang unang sagot, at pagkatapos naman ay kung bakit tama ang ikalawang sagot…

## B. ANG MALING SAGOT – KUNG ANO ANG GINAWA KO

- *Ano ang batayan o basehan ng Diyos sa kanyang pagtanggap sa atin?* Ang maling sagot dito ay sa pamamagitan ng mga nagawa natin – kung anu-ano ang mga ginawa mo o hindi mo ginawa. Wala kang magagawa para gawing matuwid sa harapan ng Diyos.

- *Bakit mali, hindi sapat, at hindi katanggap-tanggap sa Diyos na ang kaligtasan natin ay batay sa mga ginawa o hindi natin ginawa?* Dahil ang sukatan ng Diyos ay 100%. Wala dapat dungis o kalikuan (basahin ang **Matthew 5:48** at **1 Peter 1:16**). Kung 'yan ang sukatan o standard, lahat tayo ay bagsak, bagsak na bagsak (basahin ang **James 2:10** at **Galatians 3:10**). Ang listahan ng mga kasalanan natin (illustration sa Week 2), gaano man kalaki o kaliit, ay naghihiwalay sa atin nang pangwalang-hanggan sa Diyos na perpekto sa kanyang kabanalan (holiness) at katarungan (justice).

- Basahin ang **Mark 7:20-23**. Ipinaliwanag ni Jesus na ang kasalanan ay hindi lamang tungkol sa mga ginagawa o sinasabi natin, o kahit sa mga iniisip na maling bagay. Mas malala pa doon

ang sakit natin. Ang kasalanan ay likas na sa atin, nasa puso natin, at ito ang naglalarawan sa ating pagkatao. Tayo'y gumagawa ng kasalanan dahil tayo'y likas na makasalanan (*We sin because we are sinners by nature*). Lahat tayo (basahin ang **Roma 3:23**).

***Measles/band-aid illustration…***

- Lumapit ka sa doktor upang gamutin ang tigdas (measles) mo. Nilagyan niya lang ng band-aid 'yung mga spot na may pangit tingnan. *Bakit yun hindi epektibong solusyon?*

- Ganun din sa kasalanan. Ang problema natin ay hindi lang ang ginagawa natin kundi ang puso nating parang terminal cancer na ang sakit. Hindi natin pwedeng takpan ang kasalanan ng mabubuting gawa. Dapat lumapit tayo sa tunay na makagagamot nito.

## C. ANG TAMANG SAGOT - KUNG ANO ANG GINAWA NI JESUS

- *Ano ang batayan o basehan ng Diyos sa kanyang pagtanggap sa atin?* Ang tamang sagot ay hindi ito nakasalalay sa mga gawa natin, kundi sa kung sino at kung ano ang ginawa ni Jesus para sa atin.
- Basahin ang **Ephesians 2:8-9**. Itinuturo ng Bibliya na tayo'y naligtas hindi sa pamamagitan ng naipon nating mga mabubuting gawa, kundi ng pag-ibig at kagandahang-loob (grace) ng Diyos.
- Ang "grace" o "biyaya" ay ang kabutihan ng Diyos na hindi natin karapat-dapat tanggapin. Sa biyaya ng Diyos, ang dapat para sa atin ay hindi natin tinanggap. Kabaligtaran pa nito ang tinanggap natin. At ito ay dahil sa (1) awtoridad ni Jesus bilang Diyos, (2) kamatayan niya, at (3) ang kanyang muling pagkabuhay.
- Ito ay libreng regalo ng Diyos. Napawalang-sala tayo dahil lang sa biyaya ng Diyos (*by grace alone*) sa pamamagitan lang ng pananampalataya (*by faith alone*) kay Cristo lang (*in Christ alone*). Basahin ang **Romans 3:28** at **10:9**.

- Ang pananampalatayang ito, kung tunay, ay nagbubunga ng gawang mabuti (tingnan ang **Ephesians 2:10** at **Titus 2:11-14**). Ang kaligtasang regalo ng Diyos ay hindi excuse o license na gumawa ng kasalanan, kundi motivation pa nga para sumunod sa kalooban ng Diyos.

## CONCLUSION

- Hindi lang tama o maling sagot ang nakasalalay dito. Ang una ay tungo sa kapahamakan. Ang pangalawa naman ay tungo sa buhay na walang hanggan. It is a matter of life and death. Eternity is at stake here.
- Ang kaligtasan ni Cristo at ang Kaharian ng Diyos ay dapat tanggapin bilang regalo; hindi ito mapagtatrabahuhan sa pamamagitan ng gawa ng tao. Makakapasok lang dito ang mga taong kinikilalang sila'y makasalanan at walang magagawa para iligtas ang kanilang sarili, at tumatalikod sa sarili at nagtitiwala kay Cristo. Sa pamamagitan nito matitiyak nating tayo ay may buhay na walang hanggan. Dahil ito ay regalo, dapat itong tanggapin, hindi bayaran. Ito ang biyaya ng Diyos, regalo ng Diyos.
- Sa susunod na dalawang lessons, pag-aaralan natin kung paano tanggapin ang libreng regalo ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagsisisi sa kasalanan, at pagtitiwala kay Cristo.

## UP NEXT?

**Pagsisisi (Repentance)**. Basahin ang **Mark 1:15; 8:34-38; 9:43-48; 10:29-30**. Ilista ang mga natutunan mo tungkol kay Cristo at tungkol sa pagiging isang tunay na Cristiano sa mga nabasa mo. Ilista rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.

# LESSON 5: PAGSISISI (REPENTANCE)

## INTRODUCTION/REVIEW

- Review: *Ano ang natutunan mo sa first three lessons (the three-legged stool)? Ano ang natutunan mo last week? Ano ang basehan o batayan ng Diyos sa pagtanggap sa 'yo?*
- Maliligtas tayo hindi sa pamamagitan ng sarili nating gawa, kundi sa pamamagitan lang ng gawa ni Cristo para sa atin – by grace alone through faith alone in Christ alone.
- Ilagay ang sarili sa karaniwang tao na nagsasabing Cristiano sila at sagutin ang tanong na: *"Ano ang tunay na Cristiano?"*
- Ilan sa mga maaaring isagot sa tanong na 'to: nagbabasa ng Bibliya, nagsisimba, nabinyagan o nabautismuhan, lumapit sa harapan sa "altar call," nagpray ng "prayer to receive Christ." Ngunit para kay Cristo, ano nga ba ang isang tunay na Cristiano? 'Yan ang pag-aaralan natin ngayon at sa susunod na lesson.

## A. SINO ANG TUNAY NA CRISTIANO?

- Basahin ang **Mark 1:15**. Ang isang tunay na Cristiano ay siyang kabilang sa Kaharian ng Diyos.
- *Ngunit paanong ang isang tao ay mapapabilang sa Kaharian ng Diyos?* Sa pamamagitan ng: una, pagsisisi sa kasalanan (repentance); at pangalawa, paniniwala sa Mabuting Balita (faith). Ngayon tingnan natin kung ano ang tunay na pagsisisi o repentance.

## B. ANO ANG PAGSISISI?

- *Ano ang maling klase ng pagsisisi?* Tulad ng isang batang nahuli ng magulang na kumukuha ng candy sa garapon, matapos pagbawalan ng magulang. Maaaring mag-sorry na umiiyak pa dahil sa takot na paluin o hindi na pagbigyan. Ang pag-iyak dahil

sa takot na maparusahan ay hindi pagsisisi. It is more than feeling bad or guilty.

- Basahin ang **2 Corinthians 7:10**. *Ano ang ipinagkaiba ng tunay na pagsisisi sa hindi tunay?*

- Basahin ang **Mark 8:34-35**. *Ano ang ibig sabihin ng "krus" na dapat nating pansinin (alalahanin ang kahulugan ng krus sa lesson 2)? Ano ang kinalaman nito sa sarili natin?*

- "Ang pagsisisi tungo sa buhay ay isang nakapagliligtas na biyaya, kung saan ang isang makasalanan, dahil sa kanyang tamang pagkakilala sa kanyang kasalanan, at pagkaunawa sa awa ng Diyos na nakay Cristo, ay tumalikod mula dito patungo sa Diyos, nang may kalungkutan at pagkamuhing dahil sa kanyang kasalanan, at may buong layunin at kasunod na pagsisikap sa isang panibagong pagsunod" (*Westminster Shorter Catechism*).

## #1 - SI CRISTO MUNA BAGO ANG SARILI KONG KAGUSTUHAN

- Basahin ulit ang **Mark 8:34-35**. *Ano ang panawagan dito ni Jesus? Sino dapat ang nasa unahan? Ano ang ibig sabihin nito?*
- Illustration: Tulad ng paglipat ng bahay. Ang paglipat ay minsanan lang. Katumbas nito ang panahon na tayo'y nagkaroon ng bagong buhay (*new birth/regeneration*). Ngunit paglipat ng bahay, palagian at tuluy-tuloy ang renovation o pagsasaayos. Ganun din sa buhay Cristiano, maraming bahagi ng buhay ang dapat ayusin (*sanctification*).
- *Sino ang may-ari ng buhay mo? Sino dapat ang nasusunod kung ano ang dapat ayusin sa buhay mo? Bakit ito mahirap para sa 'yo?*

## #2 - SI CRISTO MUNA BAGO ANG SARILI KONG AMBISYON

- Basahin ang **Mark 8:36-37**. *Ano ang ambisyon o pangarap mo sa buhay? Paanong nagiging masama ang mga ambisyong ito?*

- *Ano ang kinalaman nito sa pagsunod kay Cristo?* Maaari ring basahin ang **1 Timothy 6:10**.

## #3 - SI CRISTO MUNA BAGO ANG SARILI KONG REPUTASYON

- *Paanong nakahahadlang ang pagtingin natin sa sarili nating reputasyon sa pagsunod kay Cristo? Ano ang warning ni Jesus tungkol dito sa* ***Mark 8:38****?*

- Sabi ni John Stott, "Either we are unfaithful in order to be popular, or we will look unpopular in order to be faithful.  We can't be both." *Ano ang pagkakaintindi mo dito?*

- Ang pinamamahalaan ng kasalanan ay tumitingin unang-una sa sarili. Ang mga tunay na Cristiano, kay Cristo tumitingin. Review: *Anu-ano ang natutunan natin sa* ***Mark 8:34-38*** *tungkol sa pagsunod kay Cristo?*

## #4 - SI CRISTO AT HINDI SARILI ANG ITATAAS

- Basahin ang **Proverbs 16:18**. *Ano ang warning sa talatang ito?*

- Ayon sa **Mark 9:43-48**, *ano ang kapahamakang naghihintay sa mga proud sa sarili nila at ayaw tumalikod sa kasalanan? Ano ang dapat na damdamin at response natin tungkol dito?*

## C. NAPAKAHIRAP BA NITO?

- Basahin ang **Mark 10:17-28**. *Ano ang problema ng lalaking mayaman sa kuwentong ito? Ano ang ipinagkaiba nito sa mga disciples ni Jesus?*

- Basahin ang **Mark 10:29-31**. Hindi ipinangako ni Jesus ang isang buhay na madali at walang problema. Ang pagiging tunay na Cristiano ay hindi lamang nangangahulugan ng kaginhawaan sa buhay. 'Yan ang itinuturo ng "prosperity gospel" na hindi totoong gospel. Kasama din sa pagsunod kay Cristo ang mga persecutions at sufferings. *Pero bakit nakahihigit sa lahat ng ito ang mga ipinangako ni Jesus sa mga disciples niya?*

## CONCLUSION

- Paano ako magiging isang tunay na Cristiano? Gagawin kong una si Cristo sa aking…

  1. Pagtalikod (mula sa kasalanan)
  2. Pagtitiwala (sa kanya)
  3. Paglalakbay (kasama siya)

  "Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nanlulupaypay at lubhang nabibigatan at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan…" (Mat. 11:28-29, *Ang Biblia*)

- *Ano ngayon ang response mo sa lesson na 'to? Anu-anong bahagi ng buhay mo ang nakahahadlang sa 'yo sa lubos na pagsunod kay Cristo?*

## UP NEXT?

**Pananampalataya (Faith)**. Basahin ang **Mark 1:8; 2:10; 10:30**. Sagutin, *"Anu-anong kaloob ang ipinangakong ibibigay ng Diyos sa sinumang nagsisisi at nananampalataya?"*

# LESSON 6: PANANAMPALATAYA (FAITH)

## INTRODUCTION/REVIEW

- *Review: Ano ang natutunan mo sa first three lessons (the three-legged stool)? Ano ang basehan o batayan ng Diyos sa pagtanggap sa 'yo?*
- Basahin ang **Mark 1:15**. Ang isang Cristiano ay naging kabilang sa Kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng (1) pagsisisi sa kanyang kasalanan, at (2) paniniwala (o nananampalataya) sa Mabuting Balita tungkol kay Cristo.
- *Ano ang natutunan mo last week tungkol sa tunay na pagsisisi?* Ang pagsisisi ay ang pagkamuhi at pagtalikod sa kasalanan, at paglingon patungo sa pagsunod kay Cristo.
- Pag-aaralan naman natin ngayon ang tungkol sa pananampalataya.

## A. ANO ANG PANANAMPALATAYA (FAITH)?

- Ang tunay na Cristiano ay HINDI…mapapatunayan sa pagpapakita ng mga gawaing pang-Cristiano tulad pagbabasa ng Biblia, pananalangin, pagsisimba, o pagpapabautismo. Ito ay HINDI rin basta naniniwala sa kung anu-ano lang.
- Naniniwala ito sa Mabuting Balita ni Cristo - ang kanyang pagiging Diyos, ang kanyang kamatayang pambayad ng kasalanan, at ang kanyang muling-pagkabuhay na tagumpay sa kasalanan at kamatayan.
- *Anu-ano ang karaniwang maling pagkakaintindi ng mga tao ngayon tungkol sa pananampalataya (faith)?* Basta maniwala lang daw kahit walang sapat na basehan; intelektuwal (sa isip) na paniniwala lang daw; o simpleng faith lang daw kahit walang pagnanais na sumunod kay Jesus.
- Tingnan natin ngayon kung ano ang biblical nature of faith.

## #1 - PAGTITIWALA KAY CRISTO AT SA KANYANG SALITA

- Basahin ang **Mark 5:21-24, 35-43**. *Paano mo isasalarawan ang pananampalatayang nais ni Jesus para kay Jairus (v. 36)?*
- Ang pananampalataya ay pagtitiwala sa mga salita ni Jesus, kahit pa sa mga panahon ng kahirapan. Ang pananampalataya ay hindi nakabase sa kung anong nararamdaman natin (bagamat magkaugnay ito), kundi ito ay nakaugat sa mga makasaysayang mga katotohanan patungkol sa mga sinabi at ginawa ni Jesus.
- ***"Facts, Faith, Feelings" illustration***…Kung magtitiwala tayo nang lubos sa ating mga pakiramdam o emosyon, o ipipikit natin ang ating mga mata at susubukang lumakad nang nag-iisa lang, anumang "pananampalataya" na sinasabi nating mayroon tayo ay mawawalan ng direksiyon, magiging mahina, at kapag lumaon ay mabibigo din tayong panghawakan. Ang pananampalataya ay nakaugat sa mga katotohanang tungkol kay Cristo. Ang pakiramdam ay nakaugnay sa pananampalataya, ngunit hindi dapat magiging gabay ng pananampalataya.
- *Kumpara kay Jairus, paanong mas matibay at sapat ang basehan ng pananampalataya natin kay Cristo*?

## #2 - PAGTITIWALA KAY JESUS BILANG PANGINOON

- Basahin ang **Mark 5:24b-34**. *Paano mo isasalarawan ang pananampalatayang meron ang babae sa kuwentong ito (v. 34)?*
- Ang pananampalataya ay pag-abot ng kamay natin kay Jesus. Ito ay pagkilala sa pangangailangan niya kay Jesus. Ito rin ay ginawa niya nang walang takot sa sinumang kukutya sa kanya o ipapahiya siya.
- Pinagaling siya ni Jesus ngunit nais ni Jesus na hindi matago ang pananampalataya niya at lumantad siya sa mga tao at ipakita ang kanyang pagkilala kay Jesus bilang Panginoon (v. 33).

- Ang pananampalataya ay pagtitiwala at pagsunod kay Cristo anuman ang kahinatnan o maging resulta nito. Makikita rin natin ito sa nagdaang aralin (**Mark 8:34, 38**).

## #3 - PAGTITIWALA TULAD NG ISANG BATA

- Basahin ang **Mark 10:13-16**. *Bakit tulad ng isang bata ang pananampalatayang makapagliligtas sa atin? Ano ang katangian ng isang sanggol sa relasyon sa kanyang magulang kumpara?*
- Ang klase ng pananampalatayang nakapagliligtas na hinahanap ni Jesus ay hindi lamang nakabase sa pagkakaalam sa kung ano ang totoo, kundi ito ay pagtatalaga ng sarili o personal commitment. Maihahambing ito sa lubos, walang kundisyon at hindi matitinag na pagtitiwala na inilalagak ng mga bata sa kanilang mga magulang.
- ***Blondin illustration…***Si Blondin ay sikat dahil kaya niyang lumakad sa lubid. Mas naging sikat siya nang subukan niyang lumakad sa alambre sa Niagra Falls. At gagawin niya ito na may hawak na wheelbarrow. Tinanong niya ang isang reporter kung naniniwala siya na magagawa ito ni Blondin. Sumagot naman ang reporter ng, “Oo, naniniwala ako. Kayang-kaya mo ‘yan!” Sabi ni Blondin, “Kung gayon, sumakay ka sa wheelbarrow.”
- Ang tunay na pananampalataya ay hindi lamang paniniwala sa magagawa ng isang tao, ito ay pagtitiwala na umaabot sa punto na maging ang buong buhay mo ay ipagkakatiwala mo sa kanya. Ito ang panawagan ni Jesus sa atin.

## #4 - PAGTITIWALA SA PAGTANGGAP NG DIYOS

- Basahin ang **John 5:24**. Ang pananampalataya ay nakakaunawa na kapag tayo ay nagsisi at nagtiwala kay Cristo, naroon na ang pagtanggap ng Diyos sa atin. Hindi na siya hahatulan pa na maparusahan kundi tumanggap na (ngayon at sa darating pa) ng buhay na walang hanggan. (Maaari ding tingnan ang **Romans 8:1**).

## B. SUMMARY

- Kabilang sa tunay na pananampalataya ang:

    1. ***Kaalaman (Knowledge)*** na si Jesus ang Anak na Diyos, namuhay na matuwid, namatay para sa kasalanan natin at muling nabuhay.

    2. ***Pananalig (Conviction)*** sa ginawa ng Diyos kay Cristo na inaaming tayo'y mga makasalanang kailangan ng isang Tagapagligtas.

    3. ***Pansariling Pagtitiwala (Trust)*** na hindi ikinakahiya, tulad ng isang bata, at may pag-angkin na tinanggap na ako ng Diyos sa kanyang Kaharian at itinuturing na matuwid dahil kay Jesus.

## C. GIFTS OF GOD'S GRACE

- Base sa mga talatang ipinabasa noong nakaraang linggo, "Anu-anong kaloob ang ibinibigay ng Diyos sa sinumang nagsisisi at nananampalataya?"

    1. **Mark 1:8** - Banal na Espiritu
    2. **Mark 2:10** – kapatawaran sa kasalanan
    3. **Mark 10:30** - buhay na walang hanggan

## CONCLUSION

- Ito ang mabuting balita (the gospel) para sa iyo. Nananawagan si Jesus sa bawat isa sa atin na magsisi at maniwala sa mabuting balita, magtiwala sa kanya. Kung hindi, tiyak ang walang-hanggang parusang mararanasan natin sa impiyerno dahil sa hatol ng Diyos.

- Ang pagsisisi at pananampalataya ay isang pansariling pagpapasya. Hindi maaaring iba ang gumawa nito para sa iyo. *Magtitiwala ka ba sa katuwiran ni Cristo, o sa iyong mga mabubuting gawa na maruming basahan lang sa harapan ng Diyos?*

# LESSON 7: BAPTISM AND NEW LIFE IN CHRIST

## INTRODUCTION

1. *Ano ang pagkakaintindi mo tungkol sa baptism? May experience ka na ba tungkol dito? Para saan ito? Paano ito ginagawa?*

2. Sa pag-aaral na ito, pag-uusapan natin ang biblical teaching tungkol sa baptism. Ito ay ang **minsanang paglulubog sa tubig at pag-aahon muli ng isang taong nananalig kay Cristo bilang pagpapahayag ng kanyang naganap nang pakikipag-isa kay Cristo sa kamatayan at bagong buhay.**

3. Sasagutin natin ang mga tanong na: *Paano ito ginagawa? Ano ang kahulugan nito? Para ito kanino? Paraan ba ito para maligtas? Kung hindi, bakit ito kailangan? Ano ang benefits nito para sa isang Christian?*

[Note: Karamihan sa notes dito ay galing kay Wayne Grudem, *Systematic Theology*, pp. 966-987. For further studies, pwede ring basahin ang short e-book tungkol dito, downloadable at bit.ly/ebookbaptism.]

## A. PAANO ITO GINAGAWA?

Lubusang inilulubog sa tubig at iniaahon muli. *Bakit ganito ang paraan at hindi pagwiwisik lamang tulad ng ginagawa ng iba?*

1. Ang meaning ng Greek na ***<u>baptizō</u>*** ay "to plunge, dip, immerse" (ilubog).

2. Ganito ang paraan ng baptism na ipinakita sa halimbawa ni Cristo (**Mark 1:9-10**) at ng lalaking binaptized ni Philip (**Acts 8:38-39**).

3. Malinaw na naipapakita dito ang simbolismo ng pakikipag-isa natin sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo (**Rom. 6:3-4** & **Col. 2:12**).

## B. ANO ANG KAHULUGAN NITO?

1. Ang bautismo ay **<u>pampublikong pagpapahayag</u>** (*public proclamation*) na ang isang mananampalataya ay nakipag-isa na kay Cristo at sa kanyang kamatayan at muling pagkabuhay sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya. Malinaw na makikita ang kahulugan ng bautismo sa tubig sa **Rom. 6:3-4** bagamat espirituwal na bautismo ang binabanggit dito.
2. Ang bautismo ay hindi simbolo ng paglilinis sa kasalanan bagamat ito ay totoong nangyari sa araw na tayo'y naligtas (**Titus 3:5**).

## C. PARA ITO KANINO?

1. Ang mga Katoliko at ibang mga Protestante ay nagbabaptized ng mga sanggol. Mapatutunayan sa Biblia na ang dapat lamang bautismuhan ay ang mga taong napatunayang **<u>nagpapakita ng kanilang pananampalataya kay Cristo</u>**.
2. Ang bautismo ay isinasagawa lamang pagkatapos na ang isang tao ay sumampalataya. Tulad:
   a. Ng mga tumugon sa sermon ni Pedro (**Acts 2:41**);
   b. Ng mga taga-Samaria, sa pangangaral ni Felipe (**8:12**);
   c. Ni Cornelio at ang kanyang sambahayan (**10:44-48**); at
   d. Ni Lydia (**16:14-15**).
3. Ang bautismo ay simbolo ng pasimula ng isang **<u>bagong buhay kay Cristo</u>**. Kaya't ang mga nagpapakita lamang ng tunay na pananampalataya ang dapat bautismuhan. Mawawalan ng biblikal na kahulugan ang bautismo (Galacia 3:27; Roma 6:3-4; Colosas 2:12) kung ito'y gagawin sa mga sanggol o sinumang di naman nagpapahayag na sila'y may bagong buhay na.

## D. ANO ANG MALI SA ROMAN CATHOLIC TEACHING?

1. Naniniwala silang ito'y kailangan upang **maligtas**. Salungat ito sa itinuturo ng Biblia na ang pananampalataya lamang kay Cristo at hindi ang mga gawa ang makapagliligtas (**Eph. 2:8-9; Rom. 6:23**).
2. Sa **1 Pet. 3:21**, hindi water baptism ang tinutukoy na nakapagliligtas kundi ang "spiritual baptism" na nagbibigay-kahulugan o sinisimbolo ng water baptism.
3. Ipinalalagay ng ilan na ang **John 3:5**, **Tit. 3:5** at **Eph. 5:26** ay tumutukoy sa water baptism. Ang paghuhugas sa tubig na binabanggit dito ay hindi water baptism kundi spiritual cleansing katulad ng pangako sa **Ezek. 36:25-27**.

## E. KUNG HINDI ITO NAKAPAGLILIGTAS, BAKIT KAILANGANG GAWIN?

1. Hindi binabanggit sa **Mark 16:16** na kailangan ang water baptism para maligtas. Ipinapakita lamang nito ang kaligtasan na meron na ang mga baptized believers. Ngunit hindi ibig sabihin nito na ang mga di nabaptized na mga believers ay hindi maliligtas (gaya ng magnanakaw sa tabi ni Jesus sa krus, **Luke 23:43**).
2. Kailan ba tayo pinatawad sa ating kasalanan, binihisan ng katuwiran ni Cristo at ipinahayag ng Diyos na matuwid at banal sa harapan niya? Hindi ba't noong oras din na unang ipahayag natin ang ating pagsisisi at pagtitiwala kay Cristo para sa ating kaligtasan?
3. Kailangang magpabautismo **hindi upang maligtas kundi bilang pagsunod kay Cristo** dahil sa kaligtasang natanggap na sa pamamagitan ng pananampalataya.
4. Bagamat hindi ito nagdudulot ng kaligtasan, ito'y nagbibigay ng ilang mga **spiritual blessings** sa mga nabaptized (at maging sa ibang naka-witness ng baptism). Simbolo nga ito pero hindi lang basta-basta simbolo. Ito rin ay nagbibigay ng:
   a. Basbas ng Diyos sa pagsunod sa kanyang iniutos sa atin (**Matt. 28:19**; **Acts 2:38**);

b. Kagalakang maipahayag sa publiko ang pananampalataya;

c. Katiyakan sa kaligtasang ibinigay ni Cristo dahil malinaw na naipahahayag ito sa kahulugan ng bautismo; at

d. Dagdag na kalakasan sa pananampalataya.

## SUMMARY

Ang water baptism ay:

1. Pagsunod sa utos ni Cristo;
2. Isinasagawa sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig at pag-aahon mula dito;
3. Pagpapahayag ng naganap nang pakikipag-isa natin sa kamatayan ni Cristo;
4. Hindi paraan upang maligtas, ito'y larawan lamang ng kaligtasang naganap na;
5. Isinasagawa para lamang sa mga nagpapahayag na sila ay nananalig kay Cristo, kaya't hindi ito para sa mga sanggol; at
6. Nagpapaalala na tayo'y hindi na dapat mamuhay sa pagkakasala, kundi ipamuhay ang bagong buhay na meron tayo kay Cristo.

## DISCUSSION

1. *Kung di ka pa nabautismuhan, gusto mo bang magpabautismo? Bakit?*

2. *Kung nabautismuhan ka na, kailan? Ano ang naging epekto nito sa iyo?*

3. *Ano ang pinakamahalagang aral na natutunan mo ngayon?*

4. *Ayon sa* ***Rom. 6:1-4****, bakit mahalagang balik-balikan ang kahulugan ng baptism? Ano ang dapat na maging epekto nito sa buhay mo?*

# LESSON 8: KALIGTASANG GAWA NG DIYOS

## INTRODUCTION

1. **Overview:** Ang purpose ng lessons 1-6 ay para matutunan kung sino si Cristo at paano maging isang tunay na Cristiano (*gospel*). Sa lesson 7 naman ay kung paano ito ipapahayag sa pamamagitan ng water *baptism*. Sa lessons 8-14 naman ay kung paano mamuhay bilang isang disciple o tagasunod ni Jesus (*discipleship*).
2. *Bakit kaya napakahalagang balik-balikan natin kung **ano ang ginawa ng Diyos sa kaligtasan** natin bago natin pag-aralan kung anu-ano ang dapat nating gawin para makasunod kay Cristo*.

[Note: Ang lessons 8-14 ay hango sa seminar materials para sa *Following Jesus* ng Capitol Hill Baptist Church (https://www.capitolhillbaptist.org/resources/core-seminars/series/following-jesus/) sa Washington, D.C.]

## A. BAD NEWS VS GOOD NEWS

1. Basahin ang **Eph. 2:1-3**. *Ano ang kalagayan natin noong tayo'y hiwalay pa kay Cristo?*
2. Basahin ang **Tit. 3:3**. *Ano ang kalagayan natin bago tayo maging Cristiano?*
3. Noong tayo ay wala pa kay Cristo, tayo ay:
    a. Alipin ng kasalanan (Roma 6:17; Juan 8:34)
    b. Bulag sa kaisipan, kaya't hindi nakikita ang liwanag ng Mabuting Balita ng kaluwalhatian ni Cristo (2 Corinto 4:4)
    c. Nalinlang (o nailigaw, Tito 3:3)
    d. Matigas ang puso at hindi nagpapasakop sa Diyos (Efeso 4:18; Roma 8:7)
    e. Sa kaisipa'y kaaway ng Diyos (Colosas 1:21)

4. *Bakit mahalagang lubos na maintindihan natin ang kalagayan natin sa kasalanan noong tayo'y hiwalay pa kay Cristo?*

## B. GOD'S WORK FROM THE BEGINNING

1. Basahin ang **Eph. 2:4-5** at **Tit. 3:4-5**. *Sino ang nagpasimula o unang gumawa para maligtas ka? Ikaw ba o ang Diyos?*
2. **"But God…"** (2:4 ESV) - "…sa dalawang salitang ito napapaloob ang kabuuan ng ebanghelyo (gospel). Sinasabi sa atin ng ebanghelyo kung ano ang ginawa ng Diyos, ang pakikialam ng Diyos sa buhay natin. Lahat ng ito'y hindi nanggaling sa atin at ipinapakita nito sa atin ang kamangha-manghang gawa ng Diyos" (Martyn Lloyd-Jones).
3. *Ang kaligtasan bang ito ay gawa lang ng Diyos sa simula at bahala ka na sa mga susunod na kailangang gawin?*

## C. GOD'S WORK TO THE END

1. Merong pananaw tungkol sa kaligtasan na **nakasentro sa tao**. *Ano ang magiging epekto sa buhay mo bilang Cristiano kung ang pinaniniwalaan mo ay ang mga sumusuod?*
    a. Maysakit tayo na nangangailangan ng tulong.
    b. Ang kaligtasan ay nakadepende sa gagawing pagtugon ng tao.
    c. Ang pananampalataya (faith) ay ambag ng tao sa kaligtasan.
    d. Ang papuri o credit ay nahahati sa Diyos at sa tao dahil ang kaligtasan ay sinimulang gawa ng Diyos at ipagpapatuloy ng gawa ng tao.
2. Ang biblikal na pananaw ay yung **nakasentro sa Diyos**. *Ano ang magiging epekto sa buhay mo bilang Cristiano kung ang pinaniniwalaan mo ay ang mga sumusuod?*
    a. Patay tayo at kailangan natin ng muling pagkabuhay.
    b. Ang buong kaligtasan ay nakadepende sa gawa ng Diyos.

c. Ang pananampalataya natin ay kaloob ding galing sa Diyos.

d. Ang lahat ng papuri ay dapat lang na para sa Diyos dahil siya ang kumilos sa kabuuan ng kaligtasan.

3. God-centered kung naniniwalang nakadepende ang kaligtasan sa gawa ng Diyos, man-centered naman kung nakadepende sa gawa ng tao; God-centered kung naniniwalang ang faith ay bahagi rin ng regalo ng Diyos sa kaligtasan, man-centered kung ito ay sarili nating ambag sa salvation; God-centered kung lahat ng glory sa pagliligtas sa atin ay sa Diyos lang mapupunta, man-centered kung hati ang papuri sa Diyos na para bang nagsimula ng "machinery of salvation" at ang tao naman ang nag-operate nito sa pamamagitan ng pananampalataya (J. I. Packer).

4. Basahin ang **Rom. 8:29-30**. *Sino ang pumipili (chooses)? Sino ang tumatawag (calls)? Sino ang nagpapawalang-sala (justifies)? Sino ang nagbibigay-luwalhati (glorifies)?*

5. "Naaalala ko kung paanong sa isang saglit ay natutunan ko ang doktrina ng biyaya ng Diyos. Nakaupo ako isang araw sa loob ng bahay ng Diyos at isang kaisipan ang pumasok sa aking isip, 'Paano ako bumaling upang maging Cristiano?' Nanalangin ako. Nagtaka ngayon ako, 'Ano ang nagtulak sa akin para manalangin?' Ang pagbabasa ng Kasulatan ang nagtulak sa aking manalangin. 'Ano ang nagtulak sa aking magbasa ng Kasulatan?' At pagkatapos, sa isang saglit, nakita kong ang Diyos ang nasa ilalim ng lahat ng iyon at siya ang may-akda ng aking pananampalataya" (C. H. Spurgeon).

## D. GOD'S PURPOSE IN SALVATION

1. Basahin ang **Tit. 3:4-5** at **Deut. 7:7-8**. Malinaw na ang batayan (basis/ground) ng kaligtasan natin ay wala sa atin – hindi sa likas nating katangian o ng anumang ginawa nating mabuti. *Bakit ang hirap para sa atin na paniwalaan ang katotohanang ito?*

2. Basahin ang **2 Tim. 1:9** at **Eph. 1:4-5**. *Ano ang nag-udyok sa Diyos na iligtas tayo?*

3. Basahin ang **1 Pet. 2:9** at **Eph. 1:4-6, 11-12, 13b-14**. *Para saan o ano ang layunin ng Diyos sa pagliligtas niya sa atin?*

4. Summary: Iniligtas tayo ng Diyos hindi dahil sa anumang taglay nating katangian o anumang ginawa nating mabuti. Iniligtas tayo ng Diyos dahil sa laki ng kanyang habag at awa, at para sa layuning mabigyang-papuri ang pangalan niya.

## E. WHY IS THIS IMPORTANT TO OUR CHRISTIAN LIFE?

1. **Humility**. Basahin ang **Gal. 6:14** at **Rom. 11:6**. "Ang biyaya (grace) ay hindi lamang nangangahulugan na ang Diyos ay para sa iyo. Ibig sabihin rin nito na hindi mo pinagtrabahuhan o hindi mo nararapat tanggapin ang tinanggap mo. Ito ay libre. Ito ang ibig sabihin ng biyaya" (John Piper). *Paanong nakatutulong ang doktrinang ito tungkol sa biyaya ng Diyos sa pakikipaglaban mo sa pride o lack of humility?*

2. **Assurance of Salvation**. Basahin ang **Eph 1:4; 1 Thess. 5:23-24; Phil. 1:6; 1 Cor. 1:8** at **2 Cor. 1:21-22**. *Sa mga panahong nagdududa ka o pinanghihinaan ng loob, paanong ang mga talagang ito ay makakatulong para mas tumibay ang pagtitiwala mo sa ginawa at gagawin pa ng Diyos?*

3. **Motivation in Doing Good Works**. Basahin ang **Eph. 2:8-10** at **Matt. 5:16**. *Kung ang mabuting gawa ay hindi paraan para tayo'y maligtas, ano ngayon ang tamang motivation natin sa paggawa ng mabuti at pagsunod sa mga utos ng Diyos?*

## APPLICATION

1. *Ibahagi ang pinakamahalagang bagay na natutunan mo ngayon. Ano ang sinasabi sa iyo ng Diyos na gawin mo bilang tugon dito?*

2. Memorize **Eph. 2:8-10**.

# LESSON 9: PAMUMUHAY AYON SA NAIS NG DIYOS

## INTRODUCTION

1. **Review:** *Ano ang layunin ng pag-aaral natin sa ikalawang bahagi ng Following Jesus? Memorized mo na ba ang **Eph. 2:8-10**?*
2. *Ano ang natutunan mo sa nakaraang pinag-aralan natin?*
3. Dapat din nating malaman na iniligtas tayo ng Diyos hindi lamang upang makatiyak na hindi tayo mapupunta sa impiyerno. Iniligtas tayo upang mamuhay para sa kanya, para sa kanyang karangalan. Ang tanong na sasagutin natin sa lesson ngayon ay: *Paano natin ipapamuhay ang isang buhay na nakalulugod sa Diyos?*

## A. GOD'S WILL FOR US

1. *Ayon sa mga sumusunod na talata, para saan ang kaligtasang tinanggap natin mula sa Diyos? Ano ang layunin niya sa pagliligtas niya sa atin?*
   - **1 Pet. 2:9**
   - **Eph. 1:4**
   - **Eph. 2:10**
2. Iniligtas tayo ng Diyos upang ipahayag ang kapurihan niya (*worship*), para mamuhay nang may kabanalan (*holiness*), at upang gumawa ng mabuti (*good works*).
3. *Kung ang kalagayan natin dati na hiwalay kay Cristo ay mga patay at alipin ng kasalanan, paano ngayon tayo makapapamuhay nang nakalulugod sa Diyos?* Basahin ang **1 Cor. 6:11; 2 Cor. 5:17**.
4. Sa sarili natin mahirap ito, ngunit dahil sa bagong buhay na bigay sa atin ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritung kumikilos sa atin, makaaasa tayo sa Diyos na siya ang magpapatuloy ng gawang ito sa

buhay natin. Tingnan natin ngayon ang ilang mga katangian ng bagong buhay na ito na makatutulong sa ating makapamuhay nang nakalulugod sa Diyos.

## B. NEW LIFE IN CHRIST

1. **Bagong pagkatao at bagong pananaw sa buhay**.
    - Basahin ang **Rom. 8:5-8**. *Ano ang malaking pagkakaiba ng isang Christian sa non-Christian?*
    - Ayon sa verse 7, hindi natin kayang sundin ang Diyos dahil sa pagkatao nating likas na makasalanan. Ngunit nagbago na yun. Nasa atin na ang Espiritu at meron na tayong pusong naghahangad para sa Diyos.
    - *Bakit mahalagang maunawaan ang mga katotohanang ito? Paano 'to makakatulong sa pamumuhay natin ayon sa nais ng Diyos?*
2. **Patay na at pinalaya mula sa kasalanan**.
    - Basahin ang **Rom. 6:1-2, 6-7**. *Kung tayo ay nakay Cristo na, ano na ang nagbago sa kalagayan o status natin? Ano ang kinalaman nito sa pakikipaglaban natin sa kasalanan?*
    - Kung tayo ay nakipag-isa na kay Cristo (nagsisisi at nananampalataya), napasaatin na ang resulta ng kanyang kamatayan sa krus - nang siya ay mamatay ang ating dating pagkatao ay namatay na rin na kasama niya. Kung magpapatuloy sa pagkakasala, kontra ito sa realidad na ngayon ay nasa atin na.
    - *Itinuturo ba nito na ang isang Christian na ay hindi na nagkakasala? Kung hindi, ano ang kaibahan natin sa mga non-Christians sa pag-respond sa kasalanan?*

3. **Ang Espiritu laban sa laman (makasalanang pagkatao)**.
    - Tayo ay nasa isang espirituwal na labanan. Meron na tayong bagong buhay, pero nananatili pa rin ang kasalanan sa atin. Basahin ang **Gal. 5:17-18**. *Paano nangyayari ang ganitong labanan? Paano mo ito nararanasan sa personal mong buhay?*
    - *Ano ang kumpiyansa mo para mapagtagumpayan ang labang ito?*
    - *Pwede mo bang sabihing ang Christian life ay parang isang laro na pinapanood lang at wala na tayong gagawin? Bakit hindi?*

## C. A CALL TO ACTION

1. **Ituon ang isip sa mga bagay na makalangit**.
    - Basahin ang **Col. 3:1-4**. Sa verse 1 ay makikita ang katotohanan ng ating bagong buhay kay Cristo. Pagkatapos nito ay nagbigay siya ng tatlong tagubilin kung paano ipamumuhay ang bagong buhay na ito. Ang una ay ituon ang isip sa mga bagay na makalangit, o mga bagay tungkol sa Diyos (vv. 1-2). Na ito ang hahanapin o hahangarin natin. Mayroon tayong responsibilidad na ibaling ang ating isip mula sa mga marurumi at hindi espirituwal na bagay tungo sa mga maka-Diyos na kaisipan.
    - *Ano ang ibig sabihin ng ituon ang isip sa mga bagay na makalangit?* Pwede ring tingnan ang **Rom. 12:2**.
    - Basahin ang **Phil. 4:8-9**. *Ayon dito paano natin pag-iibayuhin ang isang kaisipang nakatuon sa Diyos?*
        a. Dapat basahin at pag-aralang mabuti ang salita ng Diyos (v. 8).
        b. Dapat sumunod sa salita ng Diyos (v. 9).
2. **Patayin ang lahat ng natitira pang kasalanan**.
    - Basahin ang **Col. 3:5-9**. *Ano ang ibig sabihin ng "patayin" (put to death)? Anu-ano daw ang dapat nating patayin?*

- *Paano natin ito gagawin?*

   a. Alamin ang mga natitira pang kasalanan (gagano man ito kaliit!). Hayaang ipakita ng Espiritu at ng Salita ng Diyos kung anu-ano ito. Maaaring ipanalangin ang **Psa. 139:23-24** ("Search me, O God…"). Tingnan ang mga lista sa **Col. 3 at Gal. 5** at suriin ang iyong buhay sa salamin ng Salita ng Diyos. Alamin kung anu-ano sa mga ito nasa buhay mo.

   b. Humingi ng tulong sa Diyos at magtiwala sa kanya.

   c. Lumaban sa kapangyarihan ng Espiritung nasa 'yo. Huwag mong pagbibigyan ang kasalanan. Ang tao kapag gutom at pinakain, mabubusog. Ang kasalanan, hangga't pinapakain, lalong nagugutom.

3. **Bihisan ang sarili ng mga katangiang tulad ng kay Cristo**.

- Basahin ang **Col. 3:12-14**. *Bakit sinabi ni Pablo na "pag-ibig" ang isang katangiang nagbibigkis sa lahat ng nauna niyang binanggit?*
- *Paano natin bibihisan ang sarili natin ng mga Christ-like virtues?*

   a. "Preach the gospel to yourself everyday" (Jerry Bridges). Isipin mo kung anu-anong katangian ang ipinakita ng Diyos sa pagliligtas sa atin. Ito rin ang nais niyang magkaroon tayo. Ang pag-ibig ang dakilang pundasyon ng ebanghelyo (**Gal. 2:20**).

   b. Ilapat ang gospel sa iba't ibang sitwasyon o relasyon sa buhay. Kung anong pag-ibig ang ipinakita ni Cristo, ganoon din ang ipakita natin sa ibang tao (**1 John 3:16**).

## APPLICATION

1. *Ibahagi ang isang kasalanan na nais ng Diyos na pagtagumpayan mo. Ano ang gagawin mo upang labanan ito?*
2. I-memorize ang **Gal. 2:20**.

# LESSON 10: PAKIKINIG SA DIYOS (BIBLE INTAKE)

## INTRODUCTION

1. *Memorized mo na ba ang **Eph. 2:8-10** at **Gal. 2:20**?*
2. *Ano ang natutunan mo sa nakaraang pinag-aralan natin? Paano mo ito nai-apply this week?*
3. Based sa title ng lesson natin, merong dalawang katotohanan ang dapat nating isaalang-alang:
   a. **Nagsasalita** ang Diyos.
   b. **Nakikinig** tayo.
4. Layunin ng pag-aaral na ito na matulungan kayong maunawaan kung ano ang pangunahing paraan ng pakikipag-usap ng Diyos sa atin. Bilang mga Christians, dapat nating maunawaan kung ano ang kalooban niya. Mangyayari ito kung malalaman natin kung paano siya nakikipag-usap sa atin. Dahil diyan, titingnan natin ang **Psalm 19**.

## A. CREATION: NAGSASALITA ANG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG NILIKHA.

1. Basahin ang **Psalm 19:1-6**. *Anu-anong mga salita ang ginamit dito upang ipakita na ang nilikha ay may sinasabi tungkol sa Diyos?*
2. Anu-ano ang ipinapahayag ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang nilikha?
   a. Mayroong Maylikha (**Rom. 1:18-20, 23**)
   b. Ang mga nilikha ng Diyos ay nagpapakita na siya ay banal, walang katulad at makapangyarihan (**Isa. 40:25-26**); marunong

(**Isa. 40:28**); at mabuti't sagana sa pagbibigay (**Psa. 145:9, 15-16**).

c. Tayo'y mga nilikha ng Diyos at nasa ilalim ng pamamahala niya.

3. *Kung titingnan mong mabuti ang sinasabi ng awit, ano sa tingin mo ang reaksiyon niya o tugon niya sa mga nilikha ng Diyos?*

4. Ang pahayag ng Diyos sa kalikasan (***natural revelation***) ay nagpapakita sa lahat na merong Diyos na dapat sambahin at walang maaaring idahilan ang tao sa Diyos (***no excuse***).

## B. WORD: NAGSASALITA ANG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG BIBLIYA.

1. Gaano man kaganda ang nilikha ng Diyos, hindi ito sapat upang ipahayag ang lahat ng nais ng Diyos kung ikukumpara sa mga salita niya na nakasulat sa Bibliya. Basahin ang **Psalm 19:7-11**. Ang tinutukoy ni David dito ay ang Kautusan ng Diyos, ang ibinigay niya kay Moises (**Exo. 31:18**). Wala pang Bagong Tipan noong panahong ito. Ipinahayag ng Diyos ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang Salita, at ang kanyang Salita ay perpekto o ganap.

2. *Anu-ano pang mga katangian ng Salita ng Diyos ang makikita natin sa **verses 7-8**?*

3. *Bakit napakahalaga ng Salita ng Diyos (Bibliya)?*

   a. Nagdudulot ito ng mas malinaw at malalim na pagkakakilala sa Diyos (**Pro. 2:1-5**).

   b. Nagbibigay ito ng babala (**Psa. 19:11a**). Ito ang gabay natin upang makaiwas sa masama at sa kapahamakan sa mga susuway.

   c. Nagdudulot ito ng gantimpala sa mga sumusunod (**19:11b**).

4. Ang Salita ng Diyos, na nasusulat sa Bibliya, ay ang ganap (*perfect*) at pangunahing paraan ng kanyang direktang pakikipag-ugnayan sa atin.

## C. RESPONSE: ANG TAMANG TUGON SA MGA SINASABI NG DIYOS

1. Basahin ang **Psalm 19:12-14**. *Ano ang naging tugon ni David sa pahayag ng Diyos sa kanyang Nilikha at sa kanyang Salita?*

2. Ang mga biblikal na prinsipyong itinuturo ng **Psalm 19**:
   a. Ang kaluwalhatian, kadakilaan, kapangyarihan, at kapamahalaan ng Diyos ay kitang-kita ng lahat sa pamamagitan ng ipinapahayag ng Diyos sa Kanyang Nilikha (***natural revelation***).
   b. Ang Bibliya (ang Kasulatan) ay ang hindi magkakamali at hindi mababaling Salita ng Diyos (***special revelation***) na nagpapahayag ng Kanyang mga kautusang dapat sundin ng tao at nagbibigay ng buhay sa sinumang tutupad sa Kanyang mga salita.
   c. Ang nararapat na tugon ng tao sa pahayag ng Diyos, sa kalikasan at sa Bibliya, ay ang mababang-loob na pagsisisi at pananampalataya.

## D. ANO ANG ITINUTURO NG NEW TESTAMENT TUNGKOL DITO?

1. Bago umakyat si Jesus sa langit, nangako siyang sa pamamagitan ng Espiritu ay ipapahayag sa mga apostol ang katotohanan tungkol sa kanilang nakita at narinig kay Cristo. Ito ang Bagong Tipan.

2. Basahin ang **2 Tim. 3:14-17** at **2 Pet. 1:20-21**. *Saan nanggaling ang Kasulatan (Bibliya)? Ano ang implikasyon nito sa pagbabasa natin ng Bibliya?*

3. *Ano ang layunin ng Kasulatan?*

    - ***Nagtuturo ng daan ng kaligtasan (2 Tim. 3:14-15).*** Itinuturo tayo nito tungo sa pangangailangan natin ng Tagapagligtas, ipinapakilala sa atin si Cristo, at kung paano makipagkasundo sa Diyos.

    - ***Naghahanda sa atin para sa paggawa ng mabuti (vv. 16-17).*** Kaya naman napaka-praktikal ng aklat na ito na dapat nating aralin.

## SUMMARY

1. Ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa atin sa pamamagitan ng kanyang Nilikha (*natural revelation*) at lalung-lalo na sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang Bibliya (*special revelation*).
2. Ipinapahayag ng Nilikha ang mga katangian ng Diyos.
3. Ipinapahayag ng Bibliya na ang Diyos ang dapat na mamahala sa ating buhay, na tayo'y dapat na parusahan dahil sa pagsuway natin, at si Jesus lang ang daan upang tayo ay maligtas mula sa hatol ng Diyos.
4. Itinuturo sa atin at sinasanay tayo ng Bibliya kung paano mamuhay nang naaayon sa nais ng Diyos at nakalulugod sa kanya.

## APPLICATION

1. *Ano ang nakita mo ngayong kahalagahan ng pagbabasa at pag-aaral ng Bibliya?*

2. *Anong oras ang ilalaan mo bawat araw sa pagbabasa nito?*
3. Maaaring humingi ng Bible Reading Plan at Quiet Time Guide.
4. I-memorize ang **2 Tim. 3:16-17**.

# LESSON 11: PAKIKIPAG-USAP SA DIYOS (PRAYER)

## INTRODUCTION

1. Review: *Ano ang layunin ng pag-aaral natin sa ikalawang bahagi ng Following Jesus? Memorized mo na ba ang* ***Eph. 2:8-10, Gal. 2:20*** *at* ***2 Tim. 3:16-17****?*
2. *Ano ang natutunan mo sa previous lesson natin? Paano mo ito nai-apply this week?*
3. Nakikipag-usap sa atin ang Diyos at tayo naman ay dapat na nakikinig sa sinasabi niya sa kanyang Salita. Bukod doon, gusto niya ring maging tugon natin dito ay makipag-usap din naman tayo sa kanya. Ito ang tinatawag na prayer o panalangin.

## A. WHAT IS PRAYER?

1. *Para sa 'yo, ano ang prayer o praying?*
2. "Prayer is an offering up of our desires unto God for things agreeable to His will, in the name of Christ, with confession of our sins and thankful acknowledgement of His mercies" (*Westminster Catechism*).
3. Ang prayer ay ang intensiyonal na pakikipag-usap sa Diyos.

## B. BAKIT TAYO DAPAT MAG-PRAY?

1. Dahil ito ay **iniutos ng Diyos**. Basahin ang **Col. 4:2**, **1 Thess. 5:17**, at **Luke 18:1**. *Ano ang gusto ng Diyos para sa kanyang mga anak?*
2. Dahil ito ay **likas na tugon o ginagawa ng mga tunay na anak ng Diyos**.
   - Ang aklat ng *Mga Awit* ay puno ng iba't ibang klaseng panalangin para sa Diyos.

- Makikita ang puso ni Pablo sa panalangin sa halos lahat ng kanyang mga sulat.
- Nakita rin ng mga alagad na likas sa Panginoong Jesus ang makipag-usap sa Ama, kaya nga naitanong nila, **"Panginoon, turuan po ninyo kaming manalangin…"** (**Luke 11:1**).

## C. ANO ANG DAPAT NATING IPAG-PRAY?

1. Basahin ang **Luke 11:2-4**. Ito ang karaniwang tinatawag na *"The Lord's Prayer,"* na mas akma kung tatawaging *"The Disciple's Prayer."* Mas maikling version ito ng **Matthew 6:9-13**.
2. **"Ama…"** *Paanong ang pagtawag sa Diyos na Ama ay nagpapakita ng authority at intimacy?*
3. *Anu-ano ang nakapaloob sa mga sumusunod na bahagi ng prayer na 'to?*
   - **"Sambahin nawa ang iyong pangalan…"**
   - **"Nawa'y maghari ka sa amin…"**
   - **"Bigyan mo kami ng aming kakainin sa araw-araw…"**
   - **"Patawarin mo kami sa aming mga kasalanan…"**
   - **"Huwag mo kaming hahayaang matukso…"**
4. Sa personal na panalangin, puwedeng gamiting ang **A-C-T-S**:
   - ***Adoration*** – pagpapahayag ng pagsamba at papuri sa Diyos

- ***Confession*** – pag-amin sa kasalanan at paghingi ng tawad sa Diyos
- ***Thanksgiving*** – pasasalamat sa Diyos sa biyaya ng Diyos, lalo na ang kaligtasang tinanggap natin dahil kay Cristo
- ***Supplication*** – paghiling sa Diyos na tugunan ang mga kailangan natin sa araw-araw

5. Narito ang mga prinsipyong dapat tandaan sa prayer:
   - Ang panalangin ay pakikipag-ugnayan (communion) sa Diyos, sa Diyos na namamahala (authority) sa atin at Siya ring nais mapalapit sa atin (intimacy).
   - Ito ay dapat isagawa na pangunahin sa puso at isip ang karangalan ng Diyos at ang Kanyang mga layunin.
   - Ito ay pagpapahayag ng ating pagdepende sa Diyos at pagtitiwala na tutugunan Niya ang lahat ng ating pangangailangan at iingatan tayo sa lahat ng masama.
   - Ito ay dapat isagawa nang may kababaan ng loob, na kinikilala ang pangangailangan natin ng pagpapatawad at biyaya Niya.

## D. PAANO TAYO DAPAT MAG-PRAY?

1. Basahin ang **Luke 11:5-8**. *Ano ang itinuturo ng kuwentong ito ni Jesus (parable) kung paano tayo dapat lumapit sa Diyos sa panalangin?*

2. Basahin ang **Luke 11:9-10**. *Ano ang pangako ng Diyos tuwing tayo'y mananalangin?*

3. *Ibig sabihin ba nito na ibibigay ng Diyos sa atin ang lahat ng gusto natin?* Basahin ang **James 4:2-3** at **1 John 5:14**. *Paano 'to*

*nagtuturo sa atin para mas maintindihan natin ang pangako at layunin ng Diyos sa panalangin?*

4. Basahin ang **Luke 11:11-13**. *Ano naman ang itinuturo ng kuwentong ito ni Jesus tungkol sa katangian at hangarin ng Diyos para sa atin?*

5. *Anong kaloob (gift) ang dapat nating pahalagahan nang higit sa lahat (**verse 13**)? Bakit ito ang pinakamahalaga sa lahat?*

## SUMMARY

Ang panalangin ay isang pribilehiyo kung saan nakikipagtagpo tayo sa nag-iisa at natatanging banal na Diyos. Sa halimbawa ni Jesus, natutunan nating ang panalangin ay sa ating Ama natin babanggitin. Dapat nating bigyan ng papuri at karangalan ang ating Panginoon sa paglapit natin sa Kanya, na hinahanap ang Kanyang ganap na kalooban at hindi ang sa sarili natin. Sa talinghagang itinuro ni Jesus nakita natin na makalalapit tayo nang may kalayaan at lakas ng loob sa Diyos. At sa ating paglapit, dapat tayong maging matiyaga sa paghingi, paghahanap, at pagkatok sa Diyos dahil sasagutin Niya ang ating mga panalangin. Tumutugon Siya hindi dahil napipilit natin Siya kundi dahil Siya ang mahabaging Ama na nagnanais ibigay sa Kanyang mga anak ang mga pinakamainam na bagay. At ang pinakamainam sa lahat ay ang ipagkaloob Niya ang Kanyang sarili sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

## APPLICATION

1. Kumusta ang personal quiet time mo sa Panginoon?
2. Isa-isang i-practice ang prayer na naka-pattern sa “The Lord’s Prayer” o sa A-C-T-S.
3. I-memorize ang **Luke 11:9-10**.

# LESSON 12: RELASYON SA CHURCH

## INTRODUCTION

1. Review: *Ano ang layunin ng pag-aaral natin sa ikalawang bahagi ng Following Jesus? Memorized mo na ba ang* ***Eph. 2:8-10****,* ***Gal. 2:20****,* ***2 Tim. 3:16-17*** *at* **Luke 11:9-10***?*

2. *Ano ang natutunan mo sa previous lesson natin? Paano mo ito nai-apply this week?*

3. *Ano ang unang pumapasok sa isip mo kapag naririnig mo ang salitang "church" o "iglesia"? Bakit?* Ngayon, titingnan natin kung ano talaga ang itinuturo ng Biblia tungkol dito at ang kahalagan nito sa buhay Cristiano.

## A. WHAT IS THE CHURCH?

1. **Mga larawang ginamit sa New Testament**:

   - ***Isang gusaling itinatayo***. Basahin ang **1 Cor. 3:9**. Hindi physical "church building" ang tinutukoy dito kundi yung mga taong kabilang dito na dumaraan sa proseso ng paghuhubog ng Diyos.

   - ***Isang katawan***. Basahin ang **Rom. 12:4-5**. Makikita ritong bawat Cristiano ay bahagi ng isang katawan. Mahalaga ang bawat bahagi. Kailangan natin ang bawat isa.

   - ***Isang pamilya***. Basahin ang **1 Tim. 3:15**. Ang church ay hindi lugar kung saan tayo nagkikita-kita. Isa itong pamilyang sama-sama para sa isang layunin.

2. **The Church: Universal and Local**

   - ***Universal Church***: Ang pangkalahatang iglesia ay komunidad ng lahat ng tunay na mananampalataya sa Diyos (sa Old Testament) at tagasunod ni Cristo (New Testament) sa lahat ng panahon.

- ***Local Church***: Ang lokal na iglesia ay visible expression ng Church dahil nagpapakita ito ng commitment ng mga Cristiano sa isang partikular na lugar sa isang partikular na panahon upang magsama-sama bilang isang pamilya ng Diyos.

## B. WHAT ARE THE MARKS OF A HEALTHY CHURCH? (ACTS 2:41-47)

1. **Pagtuturo ng Salita ng Diyos**. “Inilaan nila ang kanilang mga sarili upang matuto sa turo ng mga apostol…” (v. 42).

    - Ang mga apostol ang nagtuturo sa kanila tungkol kay Cristo at kung paanong ang Lumang Tipan ay nagsasalita patungkol sa kanya. Ang turo nila ay may authority na galing sa Diyos.
    - *Ayon sa napag-aralan na natin sa mga previous lessons, bakit mahalaga ang pagtuturo ng Salita ng Diyos sa isang church?*

2. **Pagtutulungan bilang isang komunidad ng mga mananampalataya**. “Inilaan nila ang kanilang mga sarili...upang magsama-sama bilang magkakapatid...Nagsasama-sama ang lahat ng sumasampalataya at ang kanilang mga ari-arian ay itinuring na para sa lahat...” (vv. 42, 44-45).

    - Ang “pagsasama-sama” sa v. 42 ay “fellowship” (Gk. *koinonia*). Hindi lang ito pakikipagsosyalan o pakikipagkaibigan. Higit pa dun. Parang isang pamilya.
    - *Paano ito makikita sa isang church? Ano ang pwede mong gawin para maipakita ito?*

3. **Pagpapatuloy sa pagsasama-sama**. “Inilaan nila ang kanilang mga sarili...upang magsama-sama bilang magkakapatid…Araw-araw, sila'y nagkakatipon sa Templo, at nagpipira-piraso ng tinapay sa kanilang mga tahanan, na masaya at may malinis na kalooban” (vv. 42, 46).

    - *Saan daw sila nagkikita-kita at gaano kadalas?* Sa Templo at sa kani-kanilang bahay. Araw-araw!

- *Bakit mahalagang meron kang regular na pakikipagtipon sa ibang mga kapatid kay Cristo? Bakit sa tingin mo hindi sapat na sa Sunday Worship lang nakikipagkita sa iba?*
- *Sa anu-anong paraan maaari kang makipagkita sa ibang kapatid kay Cristo?*

4. **Banal na Hapunan at Bautismo**. "...nagpipira-piraso ng tinapay" (v. 42).
   - Ano ang "pagpipira-piraso ng tinapay"? Maaaring tumukoy ito sa Banal na Hapunan na itinagubilin ng Panginoong Jesus bago siya mamatay (Luke 22:14-23). Sa pamamagitan nito ipinapaalala sa atin kung sino ang nagbubuklod sa atin bilang isang pamilya - si Cristo at ang ginawa niya sa krus para sa atin. Para itong salu-salo ng magkakapamilya. Bukod dito, kasama din ang bautismo sa ordinansang iniwan ni Jesus (Matt. 28:19-20). Minsanan ito para sa mga Cristiano na.
5. **Panalangin**. "Inilaan nila ang kanilang mga sarili…sa pananalangin" (v. 42).
   - *Ayon sa last lesson, bakit mahalaga ang prayer para sa church? Paano ka makikibahagi sa sama-samang panalangin?*
6. **Nakikitang pagkilos ng Espiritu**. "Dahil sa maraming himala at kababalaghang nagagawa sa pamamagitan ng mga apostol, naghari sa lahat ang takot" (v. 43).
   - Ito ay malinaw na gawa ng Banal na Espiritu. Noong nakaraang lesson, nakita nating ang Espiritung nasa atin ang isang marka ng tunay na Cristiano. Ganoon din sa pagsasama-sama ng pamilya ng Diyos. Kumikilos ang Espiritu para baguhin tayo na maging kawangis ni Cristo, para maging banal ang iglesia. Hindi naman ibig sabihing dapat laging mag-expect ng mga extra-ordinary. Kumikilos ang Diyos maging sa mga ordinary.
7. **Pagpapahayag ng ebanghelyo (gospel)**. "At bawat araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga inililigtas" (v. 47).

- Dahil kumikilos ang Espiritu, maraming tao ang naliligtas sa pamamagitan ng iglesia na sama-sama sa pag-abot sa mga di pa ligtas. Pag-aaralan natin ito sa susunod na lesson.

## C. WHY IS CHURCH MEMBERSHIP IMPORTANT?

1. **Ito ay tagubilin ng Diyos sa atin**.
   - Basahin ang **Heb. 10:24-25**. *Masasabi mo bang Cristiano ka tapos ayaw mo namang makisama sa ibang Cristiano? Ano ang masasabi mo sa isang taong nagsasabing Cristiano siya pero ayaw namang makibahagi sa isang church?*
2. **Sa isang lokal na iglesia nakikita at napa-uunlad ng isang Cristiano ang bunga ng Espiritu sa kanyang buhay at ang kanyang pag-ibig sa ibang mga Cristiano ("one another" commands)**.
   - Basahin ang **Gal. 5:22-23** at **John 13:34-35**. Makikita natin ang bunga ng pananampalataya (tulad ng pag-ibig sa Diyos at sa kapwa) natin kung tayo ay kabilang sa isang church.
3. **Kailangan ito ng isang Cristiano sa kanyang paglagong espirituwal at sa kanyang pakikipaglaban sa kasalanan**.
   - Basahin ang **Eph. 4:11-14**. Kung bahagi ka ng isang iglesia, may katuwang ka para masanay at lumago sa paglilingkod sa Diyos. Hindi mo kaya nang nag-iisa.

## APPLICATION

1. *Gusto mo na bang maging miyembro ng church? Kung oo, bakit? Kung hindi, ano'ng dahilan?*
2. Umattend sa Membership Class ng church. Ugaliin ang regular na pagdalo sa mga Sunday Worship Services. Kumonekta sa isang small group na may gathering during weekdays.
3. I-memorize ang **Heb. 10:24-25**.

# LESSON 13: RELASYON SA IBANG TAO (WITNESSING)

## INTRODUCTION

1. Review: *Ano ang layunin ng pag-aaral natin sa ikalawang bahagi ng Following Jesus? Memorized mo na ba ang* ***Eph. 2:8-10****,* ***Gal. 2:20****,* ***2 Tim. 3:16-17, Luke 11:9-10****, at* ***Heb. 10:24-25****?*
2. *Ano ang natutunan mo sa previous lesson natin? Paano mo ito nai-apply this week?*
3. Mahalaga ang relasyon natin sa loob ng church, kasi isang pamilya tayo. Pero bilang mga Christians, meron din tayong relasyon sa mga unbelievers na dapat nating isa-alang-alang para maging tapat sa misyong ibinigay sa atin ng Diyos.

## A. FOUNDATIONAL TRUTHS ABOUT OUR RELATIONSHIP TO THE WORLD

1. **Naninirahan tayo sa mundo, pero hindi tayo taga-rito**. Basahin ang **John 17:11, 14**. *Ano ang ipinapahayag dito sa prayer ni Jesus para sa atin tungkol sa gusto niya para sa atin?*
2. **Kabilang na tayo sa Kaharian ng Diyos**. *Ano ang kahalagahan ng katotohanang ito sa pamumuhay natin sa mundong ito? Ano na ang ambisyon natin bilang mga Christians?*
3. **Binabago tayo ng Diyos para maging katulad ni Cristo**. Basahin ang **Rom. 12:2**. *Ano ang dapat na maging kaibahan natin sa mga tao sa mundong ito?*

## B. WITNESSING BY LIVING A TRANSFORMED LIFE

1. **Sa pamamagitan ng mga salitang mabuti**.

- Basahin ang **Eph. 4:25, 29, 31; 5:4**. *Anu-ano ang mga hindi dapat marinig sa atin?*
- *Anu-ano naman ang dapat na makitang katangian ng mga pananalita natin?*

2. **Sa pamamagitan ng mga gawang mabuti**.
    - Basahin ang **Tit. 2:3-5**. *Ano ang maaaring maging negatibong resulta ng mga gawa nating hindi mabuti?*
    - Basahin ang **Tit. 2:9-10**. *Ano naman ang maaaring maging positibong resulta ng mga gawa nating mabuti?*

3. **Sa pamamagitan ng trabaho o pag-aaral (*vocation*)**. Basahin ang Matt. 5:16. *Sa anu-anong paraan tayo makapagbibigay ang karangalan sa Diyos at magandang patotoo sa mga katrabaho, kaeskwela o kapitbahay na non-Christians?*

## C. EVANGELISM: SHARING THE GOSPEL TO OTHERS

1. *Ano ang "evangelism"?* Pagbabahagi ng mensahe ng ebanghelyo o Mabuting Balita ni Cristo sa ibang tao at ang panawagan sa kanila na magsisi sa kasalanan, magtiwala, at sumunod kay Cristo. ("evangel" - good news). Tama ngang kailangan nating maipakita sa buhay ang pagiging tagasunod ni Cristo pero kahit makita nila ang pagbabago sa atin, hindi pa iyon evangelism hangga't hindi natin nasasabi kung ano ang gospel.

2. *Bakit dapat nating ibahagi ang Mabuting Balita sa iba?*

- **Ito ay utos na dapat sundin**. Basahin ang **Matt. 28:18-20**. *Ano ang utos ni Jesus dito? Para kanino ang utos na 'to?*
- **Isinasagawa ng Diyos ang kanyang plano o layunin sa pamamagitan nito**. Basahin ang **Rom. 10:13-15**. *Ano ang paraan ng Diyos para maligtas ang kapamilya/kaibigay/kapitbahay mo?*
- **Ipinapakita nito ang pag-ibig at awa na nakay Cristo**. Basahin ang **Matt. 9:36**. *Ano ang pagtingin ni Jesus sa mga taong naliligaw ng landas? Paano tayo magiging katulad ni Jesus?*
- **Ito ay katibayan ng ating pag-ibig sa Diyos**. Basahin ang **Juan 14:15**.

3. *Kung ito ay Mabuting Balita, bakit ang hirap ibahagi nito sa iba?*
    - Takot sa tao.
    - Takot dahil kulang ang kaalaman o kakayahan.
    - Masyadong busy at walang concern sa iba.
    - *Alin sa tatlong ito ang nakakahadlang sa iyo para ibahagi ang ebanghelyo sa iba?*

4. Mga mahahalagang bagay na dapat tandaan sa pagbabahagi ng Mabuting Balita
    - **Ang katapatan sa pagbabahagi ay may kinalaman sa nilalaman ng mensahe.** Wag mag-focus sa mga techniques o methods.
    - **Ang patotoo mo, bagamat mahalaga, ay hindi "evangelism."** Makakatulong kung sabihin kung paano ka nailigtas ng Diyos. Pero dapat sabihin mo rin kung paano sila maliligtas.
    - **Mahalaga ang klase ng pamumuhay mo.** Powerful ang mensahe ng Salita ng Diyos na nanggagaling sa isang taong

namumuhay ayon sa Salita ng Diyos. Lalo na kung makikita ito ng mga kasama mo sa bahay.

- **Ang pagbabago sa puso ng isang tao ay gawa ng Diyos.** Ang responsibilidad natin ay maging tapat sa pagbabahagi. Ipaubaya natin sa Diyos ang resulta. Ipanalanging mabuti.

## APPLICATION

1. Mga practical suggestions para maging mas faithful tayo sa witnessing:
    - Maging pamilyar sa laman ng gospel tract na "'Wag Sayangin ang Buhay!" o sa "Creation to Christ Story" ng *The Story of God* o sa first six lessons ng *Following Jesus*.
    - Dumalo ng mga pag-aaral at pagsasanay tungkol sa evangelism.
    - Ipanalangin sa Diyos ang mga oportunidad na makapagbahagi sa mga kaibigan, kapamilya, kamag-anak, kaklase, o kasamahan sa trabaho.
    - Maging matiyaga at huwag kaagad panghihinaan ng loob.

2. *Sinu-sino (isang kapitbahay, isang kapamilya, isang kaibigan) ang ipagpe-pray mo araw-araw sa loob ng isang buwan para maging tagasunod din ni Jesus?*

3. I-memorize ang **Matt. 28:18-20**.

# LESSON 14: PAMUMUHAY NA PUNO NG PAG-ASA

## INTRODUCTION

1. Review: *Ano ang layunin ng pag-aaral natin sa ikalawang bahagi ng Following Jesus? Memorized mo na ba ang* ***Eph. 2:8-10****,* ***Gal. 2:20****,* ***2 Tim. 3:16-17, Luke 11:9-10****,* ***Heb. 10:24-25****, at* ***Matt. 28:18-20****?*

2. *Ano ang natutunan mo sa previous lesson natin? Paano mo ito nai-apply this week?*

3. *Mayroon na bang nagtanong sa iyo tungkol sa dahilan ng "pag-asa" na nasa iyo dahil nakita niya ang isang pagbabago sa buhay mo? Paano mo ito ipinaliwanag?*

4. Ayon kay apostol Pedro sa **1 Pet. 3:15**, dapat ay nakahanda tayong sumagot kung magtanong sila tungkol sa "pag-asa" na meron tayo. Magtatanong sila kasi, kung totoong Cristiano tayo, may mapapansin ang mga kasama mo sa bahay o trabaho na kakaiba at pagbabago sa buhay mo. Kung paano tayo mamuhay ay magpapakita kung anong klaseng pag-asa meron tayo. Ito ang pag-aaralan natin ngayon.

## A. ANO ANG PAG-ASANG CRISTIANO?

1. Ito ay **hindi**...

   - **Pansamantala**. Hindi lang ito pag-asa sa buhay na ito tulad ng meron ang mga di Cristiano. Kapag pansamantala lang, makamundong pag-asa yun. Ayon kay Pablo, kung sa buhay lang na ito meron tayong pag-asa kay Cristo, tayo na ang pinakakawawa sa mundo (**1 Cor. 15:19**). Pero hindi! Ang pag-asa natin ay hanggang sa kabilang-buhay. *Bakit sa tingin mo nasabi ni Pablo na "pinakakawawa" ang mga Cristiano kung hindi totoo o walang basehan ang pag-asa natin?*

- **Positibong pananaw na walang katiyakan**. Hindi rin ito nakabatay sa pag-iisip lang ng magandang bagay, paniniwala na may Diyos at buhay na walang hanggan na wala namang basehan. Ang kumpiyansa natin ay hindi sa iniisip o emosyon natin kundi sa Salita ng Diyos.
- **Pakikipagsapalaran**. Sasabihin ng iba, wala namang mawawala kung maniniwala ka na may kabilang-buhay at may Diyos. "Bahala na," sabi ng iba. Pakikipagsapalaran yun. Ang pag-asa natin may basehan.

2. Ito ay...
   - Nananabik na katiyakan na ang **mga pangako ng Diyos** ay totoo.
   - Hindi matitinag na katiyakan ng ating kaligtasan **batay kay Cristo at sa kanyang ginawa para sa atin**.

## B. ANG BATAYAN NG PAG-ASANG CRISTIANO

1. **Mga pangako ng Diyos na nakasentro kay Cristo.** Nakaugat sa mga pangako ng Diyos ang pag-asa natin. Meron tayong buong aklat (Bibliya) na nagsasabi ng mga pangako ng Diyos. Kung anong sabihin niya, yun ang matutupad. Nakita na natin ang katapatan niya sa mga pangako, ito rin ang magbibigay katiyakan sa atin sa mga pangakong tutuparin pa niya.
   - <u>Ang pangako ng kaligtasan ay tinupad ng Diyos kay Cristo</u>. Buong Kasulatan ay patungo kay Cristo. Tinupad niya ang kailangan sa Kautusan ng Diyos. Ang mga propesiya ay siya rin ang katuparan. *Ayon sa **Isa. 53**, anu-ano dito ang natupad sa pagdating ni Cristo?*
   - <u>Si Cristo'y namatay, muling nabuhay, at ngayo'y tagumpay na naghahari</u>. Makatitiyak tayong totoo ang pangako ng Diyos na buhay na walang hanggan dahil sa ginawa na ni Cristo para sa atin. *Ayon sa **1 Cor. 15:17**, ano ang sinasabi nito sa*

*pananampalataya natin at laban sa kasalanan dahil nabuhay si Cristo?*

2. **Biyaya (grace) ng Diyos**. Ito ang pangalawang batayan. Kung nangako nga ang Diyos ng buhay na walang hanggan tapos hahayaan naman niya tayong pagsikapan iyon at wala ang biyaya niya para tulungan tayong manatiling tapat sa kanya hanggang wakas, hindi rin natin kaya. Kailangan natin ang biyaya ng Diyos.

    - Basahin ang **Phil. 1:6** at **1 Cor. 15:10**. *Paano mo makikita rito ang biyaya ng Diyos? Paano ito nagbibigay ng pag-asa sa atin sa araw-araw?* Ang Diyos ang nagsimula ng ating kaligtasan, siya rin ang tatapos nito. Hindi sa atin nakadepende kundi sa kanyang kapangyarihan. Magsisikap tayong sumunod, pero anumang pagkukulang natin ay alam nating ang Diyos ang magbibigay ng lakas sa atin upang hindi tayo mawalan ng pag-asa.
    - John Piper: "If God were not a gracious God, we would have no hope. We could cross our fingers. We could have strong desires and wishes. We could even perhaps decide, by sheer dint of will-power, to be positive thinkers and thus make the best of our brief and uncertain lives. But there could be no talk of moral certainty about good things in the future. There could be no confident expectation that all things will work out in a wonderfully happy way for us." *Ano ang pagkaintindi mo sa sinasabi ni John Piper?*
    - Ang pag-asa natin ay nakatali sa pagiging "sovereign" at "gracious" ng ating Diyos. Nais niya ang para sa ating ikabubuti at titiyakin niyang walang makahahadlang para mangyari o matupad ang kanyang plano.

## C. MGA ASPETO NG PAG-ASANG CRISTIANO

1. **Present reality**: ano ang kalagayan natin ngayon. *Bakit mahalagang ilagay natin sa isip natin ang mga katotohanang ito?*

- Nagkakasala pa rin tayo.
- Nararanasan pa rin natin ang mga sakit at hirap.
- Darating din ang kamatayan.

2. **Future hope**: ano ang inaasahan nating darating. *Ano ang damdaming idinudulot sa 'yo sa tuwing aalalahanin mo ang mga bagay na darating?*
    - Muling pagkabuhay / pagbabalik ni Cristo (1 Cor. 15:54; 1 Thess. 4:13-18)
    - Ganap na katuwiran / wala nang kasalanan (Eph. 1:4; Col. 1:28)
    - Kawalan ng sakit at paghihirap (Rev. 21:4)
    - Walang-hanggang kagalakan kasama ang Diyos (Rev. 22:4; 1 Thess. 4:17)

## D. BUNGANG DULOT NITO SA BUHAY NATIN NGAYON

1. **Magtagumpay laban sa tukso**. Basahin ang **1 Pet. 5:8-10**. *Ayon dito, paano natin mapagtatagumpayan ang mga tukso ng Kaaway na magkasala tayo o bumagsak ang ating pananampalataya?*
2. **Mamuhay nang nagtitiwala sa Diyos at naglilingkod para sa kanyang karangalan.** Basahin ang **Heb. 11:13-16**. Ipinapakita dito na ang mga taong nagtitiwala sa Diyos ay nakatingin sa mundong ito na pansamantala lang at may permanente silang tirahan sa langit. *Paano sa tingin ninyo makakatulong ito sa attitude natin tungkol sa oras, pera, at katawan natin?*
3. **Maging mapagtiis**. Basahin ang **Rom. 8:28-39**. *Paano nakapagbibigay ito sa atin ng pag-asa sa mga paghihirap na dinaranas natin ngayon?*

## APPLICATION

1. *Anong mabigat na pagsubok ang pinagdadaanan mo ngayon ang nakapagpapahina ng loob mo?*
2. *Paano nakatulong ang araling ito na harapin mo ang kabigatang iyan?*
3. I-memorize ang **Rom. 8:28** at **Phil. 1:6**.